

MALVAROSA

Transcription by Joel David

CREDITS

Producer: LVN Pictures
Director: Gregorio Fernandez
Screenplay: Consuelo P. Osorio
Story: Clodualdo del Mundo (serialized in *Espesyal Komiks*)

Cinematography: Mike Accion
Supervising Editor: Enrique Jarlego
Editors: Leandro German
Teofilo de Leon
Ananias Francisco
Felizardo Santos

Sound: Luis Reyes
Music: Francisco Buencamino, Jr.

Cast: Charito Solis (Rosa); Rebecca del Rio (Prosa); Vic Silayan (Melanio); Carlos Padilla (Alberto); Vic Diaz (Leonides); Rey Ruiz (Vedasto); Eddie Rodriguez (Avelino); Leroy Salvador (Candido); Ramon Olmos (Damian); Johnny Reyes (Tony)

PROLOGUE

“How much can the human spirit bear
Of the muck and the mire to which flesh is heir?
Can a flickering ember still burst into flame?
Must a frail child falling ... be held to blame?”

– Anonymous¹

SCRIPT

Seq 1a. *Railway tracks, ext., night. Damian crosses to head home.*

Seq 1b. *Prosa’s living room, int., night. Damian arrives home.*

DAMIAN: Prosa? Prosa! Ano’ng may makakain dito.... Pesteng babaeng ’yon a. Wala man lang makain e. Prosa? Prosa! Prosa? Prosa! Prosa!... Prosa?

¹ Over six decades later, Greg B. Macabenta stated that he had written these lines for *Malvarosa*, in his newspaper column Ad Lib (“The Curse of Adam and Eve,” *BusinessWorld*, February 27, 2019, <https://www.bworldonline.com/the-curse-of-adam-and-eve/>). Macabenta co-wrote the screenplay for *Panagimpan*, produced the year after *Malvarosa*, also with *Malvarosa*’s scriptwriter, Consuelo P. Osorio. The present transcription was started in the late 1990s, based on a VHS copy purchased from LVN Pictures, and completed in February 2002.

PROSA (*just arriving*): Damian, nanalo ako.

DAMIAN: Ano'ng pakialam ko sa panalunan mo? Ang pinakikialaman ko hapdi ng sikmura ko. Alam mo namang darating ako rito pagod na pagod. Ngayon wala akong makain.

PROSA: Akala ko kasi dadaanan mo ako sa mahjongan e. Doon ka na sana kumain.

DAMIAN: Dadaan sa mahjongan, ibig mo bang sabihin e iaasa ko pa ang sikmura ko sa mahjongan?

PROSA: Hindi ka naman naiiba doon a.

DAMIAN: Di bagay sa 'yo ang me asawa. Tingnan mo na lang ang pamamahay natin, tingnan mo! Parang kural, walang kaayos-ayos. O, ang ibig mo bang sabihin e, ikaw pa'ng me ganang magtampo niyan? Dinadaan mo na lang sa walang kibo, ha. Baka ang ibig mo pang sabihin e ako pa'ng magluto't maglinis ng bahay.

PROSA: Huwag ka nang sumigaw. Kung kelan pa naman tayo magkakaanak at saka mo pa ako inaapi.

DAMIAN: Ano kamo, magkakaanak na tayo? Bakit ngayon mo lang sinabi?

PROSA: Papano, nagagalit ka naman kaagad. Saka kanina ko lang nalaman e, nagpunta ako sa center.

DAMIAN: Aba hindi naman ako nagagalit a.

PROSA: Di papayagan mo na akong mag-mahjong.

DAMIAN: Oo, samantalang hindi pa sinisilang ang ating magiging anak. Pero huwag ka lamang magpupuyat, baka makasama sa iyo ha.

PROSA: A hindi. Pagka nagkaanak na tayo, hindi na ako lalabas ng bahay.

DAMIAN: O sige, magpahinga ka na.

PROSA: Ipagluluto muna kita.

DAMIAN: Huwag na, ako na.

PROSA: O sige.

Seq 2. *Outdoor washroom, ext., day. A female pal, with an elderly man, visits Prosa. Running kid bumps into Rosa's pal.*

PAL: 'Mare, 'mare, nandito yung taong sinasabi ko sa 'yo. [*To unruly kid.*] Ano ka ba!
Hindi mo tinitingnan yung pinupuntahan mo!

KID (to his PLAYMATE): Inagaw mo yung yoyo ko!

PAL: 'Mare?

PROSA: Ano 'yon?

PAL: Nandiyan ka palang naglalaba.

PROSA: Mabuti't napasyal ka.

PAL: Oo, ito yung manghuhulang sinasabi ko sa iyo.

PROSA: Ay.

FORTUNE-TELLER: Magandang araw po.

PROSA: Magandang araw po naman. E baka mahal ang bayad?

FORTUNE-TELLER: Hindi naman ho. Konti lamang.

PROSA: Ah.

PAL: Sige na 'mare, pahula ka na. Ako hinulaan e, tama lahat ang sinabi. Ako raw hiwalay sa asawa.

FORTUNE-TELLER: O hindi ba totoo?

PAL: At saka yayaman pa raw ako.

FORTUNE-TELLER: A iyan hindi pa ngayon. Balang araw.

PAL: Sige na mare, pahula ka na. Hulaan niyo nga siya maestro.

FORTUNE-TELLER: Tingnan ko ang guhit ng inyong palad. Yung kaliwa.... Mabait ang inyong tao at masipag sa trabaho. Ang tangi lang niyong pinag-aawayan ay ang inyong pagsusugal.

PROSA: Totoo nga 'mare!

PAL: Kita mo na?

PROSA: Ano pa ho, ano pa?

FORTUNE-TELLER: Sinasabi ng guhit ng palad na kayo'y mabubyuda. [*A passing train blasts its horn.*]

PROSA: Hindi ho iyan ang gusto kong malaman.

FORTUNE-TELLER: E alin ho?

PROSA: Ang sabihin ho ninyo sa akin ay ang aming magiging kapalaran. Kung ilan ang aming magiging anak.

FORTUNE-TELLER: Ah ... kung gayón e, magbabayad muna kayo.

PROSA: Magkano ho?

FORTUNE-TELLER: Dalawang piso lang. [*After Prosa forks over money.*] Ang ah, ang inyong buhay ay [*looks behind Prosa*] nalalatagan ng mga dahon at isang bulaklak. Ang bulaklak na iyan [*points to flower behind her*] ay ang magiging anak ninyong babae, na siyang magsasabog ng kabanguhan sa inyong buhay. Tulad ng malvarosang iyon, pulos dahon, ngunit may angking halimuyak ng isang bulaklak.

PROSA: Ilan ho ang aming magiging anak?

FORTUNE-TELLER: Limang lalake.

PROSA: Limang lalake? Susmaryosep, ang dami.

Seq 3a. *Prosa's living room, int., day. Five boys sit on floor.*

PROSA (*voice-over, naming her kids*): Melanio, Alberto, Leonides, Vedasto, Avelino –

FORTUNE-TELLER (*voice-over as Prosa cradles baby girl*): At isang babae nga.

PROSA (*voice-over, laughing*): At isa pang babae. Ah, ano kaya ang ipapangalan ko sa kanya? Alam ko na: Rosa. Rosa.

Seq 3b. *We glimpse Rosa's baptismal.*

Seq 4. *Outdoor washroom, ext., day. Now grown up, Rosa has taken the place of her mother, washing clothes.*

ALBERTO (*emerges from the house*): Rosa? Rosa! Rosa!

ROSA: Ano 'yon?

ALBERTO: Rosa!

ROSA: O ano?

ALBERTO: Kung hahanapin ako ng Tatay, sabihin mo nagpunta ako sa simbahan, dahil kelangan ako ni Padre.

ROSA: Oo.

ALBERTO: Sige.

MELANIO (*emerges after Alberto and asks him*): Paalis ka ba?

ALBERTO: Oo me lakad.

MELANIO (*addressing Rosa*): Rosa, yung polo kong bago, tapos na ba?

ROSA: Nalabhan ko na, hindi ko pa lamang napaplantsa e.

MELANIO: At bakit, tinatamad ka ba?

ROSA: Wala tayong uling, pati nga ang damit ng Tatay at ni Avelino e.

MELANIO: At bakit mo uunahan ang kay Avelino?

ROSA: E papano nag-aaral siya, kawawa naman kung marumi ang damit.

MELANIO: Puro dahilan, basta yung polo ko, sabi ko na sa 'yo unahan mo't me lakad ako e.

ROSA: Wala tayong uling.

MELANIO: Umutang ka sa Intsik.

LEONIDES (*emerges after Melanio*): Aba Rosa, tanghali na. Nagugutom na ako. Masakit na masakit na'ng sikmura ko. Magsaing ka na!

ROSA: Wala tayong bigas, hinihintay ko pa nga ang Nanay e.

VEDASTO (*also emerges with a similar favor to ask*): Rosa? Labhan mo nga ito o. Ang hirap naman sa iyo, pagka –

LEONIDES: Anong laba? Magsaing na muna siya!

VEDASTO: Ano'ng lulutuin niya, Mister Siga? Mga kapatid, kung kayo'y may mga sinturon ay maghigpit-higpit na kayo! Pagkat kung ang Nanay ang inaantay natin wala tayong maaasahan. Nandon sa mahjongan, lasing na lasing at natatalo pa!

ROSA: Vedasto naman, wala nang kagalang-galang kung magsalita tungkol sa Nanay.

VEDASTO: Ang lola naman, nangaral na naman. Wala naman akong sinasabing masama a, katotohanan lang. Kung gusto mo puntahan natin, saka tingnan niyo. Siya na'ng pinagtatawanan ng mga tao roon.

MELANIO: E kung ganun e, humanda na kayo. Pagdating ng Tatay mamaya, kalabugan na naman.

LEONIDES: Walanghiyang buhay ito, nakakahiya. Lasenggo na'ng ina, lasenggo pa'ng ama. Yung Tatay hindi masaway ang Nanay.

VEDASTO: Choy, madaling pag-aralan ang bisyo. Kung ikaw, umiinom ka e.

LEONIDES: Tama ka na! Ikaw, hindi ka umiinom?

VEDASTO: Aba 'ba 'ba, akala mo kaya mo ako komo malaki ka ha?

MELANIO: O sige sige sige sige, magbakkakan kayo. Sige!

ROSA: O, o, o tama na, huwag kayong mag-away. Halika na, Melanio, sunduin natin ang Nanay.

MELANIO: Ikaw na lang, pabayaang mo ang Tatay na'ng sumundo sa kanya doon.

ROSA: Ikaw Leonides, tayong dalawa.

LEONIDES: Huwag na, baka mapasabak pa ako sa away.

ROSA: Halika Vedasto, sunduin natin ang Nanay.

VEDASTO: Huwag na.

AVELINO (*returns, having forgotten something*): Rosa?

ROSA: O bakit, akala ko ba nasa eskwela ka?

AVELINO: Oo babalik pa nga ako sa klase, kanya lang nakalimutan kong humingi ng pera sa iyo kanina e.

ROSA: Aanhin mo?

AVELINO: E bibili lang ako ng pamphlet, kelangang-kelangan ko lang sa klase ko e.

ROSA: Magkano?

AVELINO: Dalawang piso lang.... Tila nalulungkot ka. Bakit, inusig ka na naman ba nila?

ROSA: Hindi ako, ang Nanay. Nang malaman nilang nagmamahjong 'yon e, kung ano-ano na'ng kanilang sinabi. Sumosobra na'ng kanilang kalapastanganan a. Wala na silang kagalang-galang. Akala mo kamukha lamang nila ang kanilang pinagsasalitaan.

AVELINO: Talagang wala kang magagawa, kasi nakikita nilang –

ROSA: Kahit na. Ipagpalagay nating mali ang pagmamahjong ng Nanay at ang paglalasing ng Tatay. Wala pa rin silang karapatan para maging lapastangan. Ang mga magulang e pangalawang Diyos sa lupa, na dapat mahalín at igalang.

AVELINO: Totoo ang sinasabi mo, ngunit iba-iba'ng katwiran ng tao e.

ROSA: Talagang iba ang ating mga kapatid na iyan. Sila ang dapat magpakatino, maghanap-buhay, ngunit hanggang ngayon e pasanin pa sila. Pera mo nga pala o.

AVELINO: Salamat ha.

DAMIAN (*meets Avelino, on his way to Rosa*): O saan ang punta?

AVELINO: Babalik ako sa klase. Hindi pa tapos e.

DAMIAN: Rosa?

ROSA: Ho?

DAMIAN: Ang Nanay mo, saan nandoon?

ROSA: E, nasa kumare ho niya.

DAMIAN: Kumare?

ROSA: Oho.

DAMIAN: Hindi ako naniniwala. Marahil nagmamahjong na naman iyon.

ROSA: E Itay?

DAMIAN: O ano 'yon?

ROSA: Kumain na muna kayo. Darating na ho 'yon, uuwi na.

DAMIAN: Alin, ang Nanay mo?

ROSA: Oho.

DAMIAN: Habang may mahjong doon, hindi uuwi 'yon.

CANDIDO (*just arriving*): Magandang hapon ho sir. Galing pa ako sa opisina, napadaan lang ako.

DAMIAN: O maiwanan na muna kita't may pupuntahan pa ako.

ROSA: Itay?

DAMIAN: O ano?

ROSA: Hayaan niyo na si Candido, si Candido na ho ang sumundo sa Inay.

CANDIDO: Aba oho, ako na nga ho.

DAMIAN: Huwag na't hindi makikinig sa iyo 'yon. Maiwanan na muna kita ha, may pupuntahan pa ako. [*Leaves.*]

CANDIDO: Ano ba'ng kinababalisa mo? Ano ba naman ang sama noon kung sunduin ng Tatay mo'ng Nanay?

ROSA: E alam mo na'ng mangyayari. Kapag nagkataong lasing ang Nanay, maglalasing din ang Tatay. Ano pa'ng mangyayari, di malaking gulo. Hindi ko na nga tuloy malaman kung ano'ng aking gagawin.

CANDIDO: Iisa ang lunas niyan, ang makasal tayo kaagad. Nang malayo ka naman sa gulo at nang mahango ka naman sa hirap.

ROSA: Dinaramdam ko.

CANDIDO: Nag-aalinlangan ka pa sa akin? Mataos ko nang hangarin ang mapaligaya ka. Iniibig kita, Rosa.

ROSA: Lubos ang aking pagtitiwala sa 'yo. Alam kong mahal mo ako. At mahal din kita. At natitiyak kong kung mawawala ka ay wala nang nalalabing kaligayahan sa akin.

CANDIDO: E iyon pala e, bakit ayaw mong pumayag na makasal tayo?

ROSA: Kelangan ako ng aking mga magulang at kapatid, lalong-lalo na si Avelino.

CANDIDO: Ngunit kailangan din kita. At kung mag-isa mong aalalahanin ang iyong mga kapatid ay kawawa ka. Malalakas naman sila a. Bakit inaasa nila lahat sa 'yo?

ROSA: Ang sakit ng kalingkingan ay damdamin ng buong katawan.

CANDIDO: Sa nakikita ko e ... ang sakit ng katawan ang natitiis sa kalingkingan. Ang ibig kong sabihin, ikaw pa itong pinakamahina, ikaw pa 'tong nagpapasan ng lahat. Ay hindi ka tatagal ng ganyan.

ROSA: Pag may hirap ay may ginhawa. Magbabago rin sila.

CANDIDO: Kung ang pagbabagong 'yon ay hihintayin na tin ay hindi na tayo makakasal. Magpapatuloy sila sa pagwawalang-bahala habang naririto ka. Puputi na'ng buhok natin, hindi na tayo makakasal.

ROSA: Kung hindi ka makapaghihintay ... malaya ka na. Marami namang babae a. Di humanap ka ng karapat-dapat sa iyo.

CANDIDO: Ang layo naman ng sagot mo e, itong kasal natin ang pinag- uusapan natin e ibang babae'ng isasagot mo. Huwag na lang tayo mag-usap.... Kunsabagay, marami nga talagang babae rian.

Seq 5. *Sacristy, int., day. Priest sees his sacristan, Alberto.*

PRIEST: Nariyan ka na pala Alberto. Balisa ka.

ALBERTO: Iniisip ko lang ho'ng mga kaguluhang nangyayari sa aming tahanan. Kami na tuloy ang nagiging tudla ng puna't paghamak ng balana. Mga paggugulo ng aking kapatid e –

PRIEST: Nauunawaan kita. Nalaman kong dahil sa labis na pagmamahjong ng iyong ina at ng laging pag-inom ng alak ng iyong ama ay napabayaan kayong mga anak.

ALBERTO: Ngayon lang po, Padre, sa nadaanan kong tindahan ay kami na naman ang paksa ng salitaan. Halos harapan na ang kanilang pagkuyam na para bang wala na akong kahala-halaga. Hindi na ako makatingin mg matuwid sa aking kapwa. Ano po'ng gagawin ko, Padre?

PRIEST: Huminahon ka. Lagi kang humingi ng tulong sa Maykapal. Bakit 'di mo kausapain at pagpaliwanagan ang iyong mga magulang?

ALBERTO: Madalas ko na pong gawin 'yon, Padre, ngunit ayaw silang makinig. Kaya't ako'y tumitigil na upang hindi na po ako makapagsalita ng kalapastanganan.

PRIEST: Iyan ang huwag mong gagawin. Ang magulang ay may tungkulin at pananagutan sa kanilang mga anak, na dapat maimulat sa kabutihan, sa pag-ibig sa Diyos at sa kapwa-tao, na gaya ng sabi ko na, na dapat nilang turuan ang kanilang mga anak sa wastong pamumuhay.

ALBERTO: Opo Padre, nauunawaan ko kayo.

PRIEST: At ang anak ay may tungkuling sumunod umano sa kanyang mga magulang. Ang anak na lumapastangan sa kanyang mga magulang ay lumalabag sa sampung utos ng Diyos. Mabuti yata'y dalhin mo sila sa akin. Pati Diyos ay nakalimutan na nila. Ni hindi ko na sila nakikita ngayon sa simbahan e.

ALBERTO: Sisikapin ko pong maisama sila dito, Padre. Mababait naman po sila e, lalo na kung nasa bahay ang Nanay at hindi lasing ang Tatay.

PRIEST: Iyan ang unang ipapakiusap ko sa kanila: asikasuhin kayong mga anak, bawalan sa pagmamahjong ang iyong ina at sa paglasing ang inyong ama.

Seq 6. *Variety store, ext., night. Damian, drunk and combative, persists in demanding for more liquor from the store clerk.*

DAMIAN: O Inday, isa pa.

CLERK: Dalawang bote na ang nakukuha ninyo a.

DAMIAN: Alam ko.

CLERK: Bayad muna.

DAMIAN: Mamaya na, sabay-sabay na.

CLERK: Mamaya pag lasing na lasing na kayo, hindi na kayo magbabayad.

DAMIAN: Ikaw ang –

CANDIDO (*interrupted by Candido's arrival*): Mang Damian.

DAMIAN: O, Candido. [*To clerk.*] Yung isa pang hinihingi ko sa 'yo, paiinum ko si Candido.

CLERK: Bayad muna.

DAMIAN: Itong babaeng ito, parang hindi babayaran a.

CANDIDO: Magkano ho ba?

CLERK: Piso ho lahat e. Talagang wala.

CANDIDO (*pays the clerk*): Heto ho.

DAMIAN: O ano na Candido, isang beer mo na lang, sa listahan ko 'yan.

CANDIDO: Diyan na ho kayo, ihahatid ko na lang kayo.

DAMIAN: Hayaan mo na, makakauwi naman ako e. Isa pa, susunduin ko si Prosa.

CANDIDO: Umuwi na kayo't ako na'ng susundo. Sige na.

DAMIAN: Ikaw na'ng susundo? Hindi mo matatanggal sa mahjongan yung babaeng 'yon, ako na lang.

Seq 7. *Mahjongan, int., night. Impatient with Prosa, Damian starts to create a scene.*

DAMIAN: Uuwi ka o hindi?

MAHJONG PLAYER 1 (*to Prosa*): O tingnan mo si Kumpare. Mabuti pa Kumare umuwi ka na. Baka kung ano'ng gawin ng Kumpare.

PROSA (*to Damian*): Tayo na.

MAHJONG PLAYER 2: E papano ba naman to, natatalo pa naman kami a.

DAMIAN (*as Prosa leaves ahead of him*): Hoy, iiwanan ako nito'ng bwisit na babaeng 'to a.

MAHJONG PLAYER 3: Huwag kang mag-alala't ako'ng uupo diyan.

Seq 8. *Railway tracks, ext., night. The couple argue as usual, oblivious to their surroundings.*

DAMIAN: Wala ka nang ginawa kundi mag-mahjong!

PROSA: Lasing ka na naman.

DAMIAN: Sino'ng lasing? Babaeng ito, napakabwisit mo.

PROSA: Halika na nga.

DAMIAN: Bitawan mo ko! Hindi pa ako lasing.

PROSA: Sige diyan ka na nga.

DAMIAN: Lasing daw ako. [*Falls on the tracks.*]

A train passes by, blasting its horn. Prosa turns around as it runs over Damian.

PROSA: Damian!

Seq 9. *Prosa's living room, int., night. During Damian's wake, the children as well as Candido attend to the visitors.*

AVELINO (*to some guests about to leave*): Huwag niyo pong kalilimutang pumunta sa padasal bukas. Inay, narito ho sina Aling Sula.

SYMPATHIZER (*to Prosa*): Nakikiramay ho kami, Aling Prosa. Pagpasensyahan na niyo ho itong aming konting nakayanan. [*Looks for Rosa.*] Rosa?

VEDASTO (*to gambler friend*): Urong naman o. Mukhang marami kang nasikwat na ambag a.

GAMBLER: Wala ka kasing bilib sa bilis ko e.

AVELINO: Wala kang maibigay dahil sa bisyo mo e.

Witnessing the events, Rosa cries.

CANDIDO (*comforting Rosa*): Sabi-sabi ko naman sa iyo e, huwag ka nang iiyak.

LEONIDES (*to Candido*): Oy, huwag kang magkakamali sa kapatid ko, sasamain ka. Gising na gising pa kami e, gusto mo nang manggulang.

ROSA: Leonides, huwag kang mabigla, walang masamang hangarin si Candido. At lalong hindi siya nanggulang.

LEONIDES: Mabuti na yung may babala. Hanggang maaga e dapat niyang malaman na may nagmamalasakit sa iyo.

ROSA: Huminahon ka, maraming tao.

CANDIDO (*answering Leonides*): Huwag kang mag-alala. Mabuti'ng hangarin ko kay Rosa. Kami'y magkatipan at nakahanda ko siyang pakakasalan sa lahat ng oras.

LEONIDES: Kung ganun e di, okey, mabuti na yung malinaw. Nagkakaintindihan na tayo ngayon.

FLOOZIE 1 (*arrives looking for her boyfriend*): Si Melanio? [*Leonides points to Melanio and Floozie 2.*] Ano ba'ng ginagawa dito ng cuchinang 'yan?

FLOOZIE 2 (*answering Floozie 1*): Ang bastos na ito, baka ipaglampaso ko sa sahig 'yang mukha mo!

MELANIO (*to both paramours*): Tama na. Ang dami-daming tao, nakakahiya –

FLOOZIE 2: Anong tama na! Hindi ako titigil hangga't hindi ko nalalampaso ang mukha ng bwisit na 'yan! Siya na'ng nang-agaw siya pa'ng matapang, ha?

FLOOZIE 1: Sino ba'ng nang-aagaw? Pareho lang tayo e. Nauna ka nga pero pareho tayong hindi kasal.

FLOOZIE 2: Aba walanghiya, bakit ka nanunulak? Pareho lang tayo, tapos may karapatan ka na para saktan ako?

FLOOZIE 1: Hoy hindi ako natatakot.

MELANIO (*to both*): Tama na!

FLOOZIE 2: Ano?

FLOOZIE 1: Hindi ako natatakot sa 'yo.

FLOOZIE 2: Talaga?

FLOOZIE 1: Talaga!

MELANIO: Ayaw niyo bang magpasaway?

FLOOZIE 2: Makikita mo!

ROSA (*to Candido, anxious to prevent a scene*): Candido, sige na, awatin mo sila.

CANDIDO: Tama na kayo, ano ba kayo, Melanio awatin mo naman, tama na.

MELANIO: O sige na, tama na.

LEONIDES: Ang ganda pa naman ng bakbakan a.

VEDASTO: Bakit hindi ibigay ang hilig?

FLOOZIE 1 (*continuing their quarrel*): Bitiwan mo ako.

FLOOZIE 2: Aray! Walanghiya!

ROSA (*depressed, to Candido*): Ano na lamang ang sasabihin ng mga tao? Talagang napakagugulo nila. Wala na kaming pinagpipitagan. Kamamatay pa lamang ng Tatay e, nag-iskandalo na.

CANDIDO: Huwag mo nga isipin ang mga tao. Pag iyan lang ang iniisip mo, masisira lamang ang ulo mo.

ROSA: Nahihya rin ako sa 'yo e.

CANDIDO: Pabayaan mo na 'yan, kahit ano pang gulo'ng gawin ng kapatid mo, e hindi ko na iniintindi. Basta't minamahal kita, tapos.

ROSA: Kawawa naman ang Inay. Nag-parang tulala.... Inay? Inay, kumain na kayo. Kagabi pa kayo hindi kumakain a. Inay? Inay ... Inay....

Seq 10. *Clinic, int., day. Prosa has been examined by the Doctor. Rosa, Candido, and Avelino accompanied her and await the results.*

DOCTOR: Ipanatag ninyo ang inyong kalooban. Ang inyong ina'y hindi baliw. Ang nakikita ninyong anyong parang tanga't tulala ay bunga lamang ng malungkot na pagkakabigla ng pagkamatay ng inyong ama.

AVELINO: Sa palagay ho ba niyo Doktor e, may pag-asa pa siyang gumaling?

DOCTOR: Meron. Panahon lamang ang kailangan.

AVELINO: A palagay ko ho e, magtatagal ang ganyang kalagayan.

DOCTOR: 'Yan e totoo, subalit sa isang kabiglaan, maaaring siya'y gumaling.

CANDIDO: Ano'ng ibig niyong sabihin, Doktor?

DOCTOR: Ang ibig kong sabihin ay nasa sa kanyang sarili ang kanyang paggaling. Isang napakatinding dagok ng kalungkut? an ang ipinagkakaganyan niya. Subalit maaaring sa isang pagkakataon na ang kanyang puso't diwa'y mag-umapaw sa kagalakan, baka sakaling mapawi sa kanyang isipan ang kadiliman at manumbalik sa dati. Naunawaan ba ninyo ako?

ROSA: Opo, doktor.

Seq 11a. *Variety store, ext., day. Prosa drinks beer as neighbor arrives to make a purchase.*

NEIGHBOR: Pabili nga ng isang sabon.

Having finished her drink, Prosa pays the clerk and walks away.

Seq 11b. *Railway tracks, ext., day. Rosa sees Damian walking on tracks, smiling. She walks toward him but he vanishes.*

PROSA: Damian! Damian! Damian!... Damian! Damian!... Damian! [*Cries.*] Damian!

Seq 12a. *Stairs to Prosa's house, ext., day. Leonides is lazing on a bench as Rosa arrives.*

ROSA: Inay? Inay? Ibinili ko kayo ng.... [*Realizing Prosa is not home.*] Leonides, ang Inay?

LEONIDES: Ewan ko.

ROSA: Anong ewan mo?

LEONIDES: Aba ewan ko.

ROSA: Hindi ba iniwan ko siya kasama mo?

LEONIDES: E sa gustong umalis, ano'ng magagawa ko?

ROSA: Susmaryosep namang taong to, kanina pa ba?

LEONIDES: Pag-alis mo, umalis na.

ROSA: E bakit mo pinabayaang nag-iisa?

MALE NEIGHBOR: Rosa?

ROSA: Ano 'yon?

MALE NEIGHBOR: Ang Nanay mo.

ROSA: Ha?

MALE NEIGHBOR: Ang Nanay mo.

ROSA: Ano?

MALE NEIGHBOR: Nakahiga sa may riles.

ROSA: Ano, nakahiga sa may riles? Susmaryosep naman. Leonides, ano ka ba naman, halika na.

Seq 12b. *Railway tracks, ext., day. Rosa and Leonides arrive to retrieve Prosa from the railway tracks.*

ROSA (to Leonides): Dali ka, dali ka. Inay? Kawawa naman ang Nanay ko. Dahan-dahan!

PROSA: Damian?

Seq 12c. *Prosa's living room, int, day. Vedasto, finding no one home, inspects Rosa's market basket and handbag. The arrival of Rosa and Leonides with Prosa interrupts him.*

ROSA (*entering*): Dahan-dahan ka naman, baka masaktan ang Nanay a.

VEDASTO: O bakit ano'ng nangyari?

LEONIDES: Heto, sa riles pa nahiga. Mabuti na lang walang treng nagdaan. Itong si Rosa e. Pinapabayaang umalis pa e.

ROSA (*to Leonides*): Dali ka naman!

LEONIDES: Ito, ito, nagmamadali.

They bring Prosa to her bedroom.

ROSA: Dahan-dahan.

PROSA: Ay, Damian.

ROSA: Inay, matulog na kayo.

LEONIDES: Hindi ba kayo natakot niyan? Bakit pa sa riles kayo nahiga?

ROSA: Si Leonides naman, hindi nalalaman ng Inay ang kanyang ginagawa. Lasing siya.

LEONIDES: Huwag ka nang sumagot. Kailangan nating alagaan siyang mabuti nang siya'y gumaling. Uli-uli huwag mo nang pababayaang umalis.

PROSA: Ay, Damian.

Leonides walks out in a huff. In the living room, Vedasto asks him where he plans to go.

VEDASTO: Saan ka pupunta?

LEONIDES: Huwag mo kong pakialaman.

ROSA (*emerging from Prosa's bedroom*): Vedasto mag-init ka naman ng tubig, pupunasan ko'ng Inay.

VEDASTO: Ikaw na. [*Before Prosa can leave for the kitchen.*] Hindi, hindi tubig ang kailangan, kape. Yung mainit, walang asukal, yun muna'ng ipainom mo.

ROSA: E di mag-init ka ng kape. Sige na naman o.

VEDASTO: Natutulog ang tao.

ROSA: E wala ka nang ginawa kundi matulog e. Dalian mo ha?

VEDASTO: Oo.

Seq 13. *Floozie 3's house, int., night. Melanio is admiring his baby.*

MELANIO: Ang taba niya 'no?

FLOOZIE 3: Oo.

MELANIO: Ganda pa. Mana kasi sa Nanay e.

MELANIO: Ah, 'Ney me pera ka pa diyan?

FLOOZIE 3: Konti na lang e. Naisanla ko na nga yung singsing ko e.

MELANIO: Di ba nung isang linggo lang e, binigyan kita ng trenta?

FLOOZIE 3: E gasino na lang 'yon?

MELANIO: Magkano na lang ba'ng natitira doon?

FLOOZIE 3: Labinlima.

MELANIO: Ba't naman ganun na lang?

FLOOZIE 3: E pa'no, gatas nitong bata, pagkain namin araw-araw.

MELANIO: Ikaw kasi e, kung bumibili ka na lang ba ng tulya e, di ikaw na'ng magpapakain niyan. Sinabi ko na nga ba, hindi ka dapat huminto sa pagsasayaw e.

FLOOZIE 3: Aba e hindi ba ikaw ang ayaw ng pagsasayaw ko?

MELANIO: Nung araw, e ngayong gipit tayo, iba na 'yon.

FLOOZIE 3: E pa'no tong bata, sino'ng mag-aalaga? Kaya mo ba naman?

MELANIO: Ako'ng yaya?

Seq 14. *Prosa's bedroom, int., night. Rosa watches over Prosa. When the latter moans, Rosa goes to the living room.*

ROSA: Vedasto, balisang-balisa ang Inay e. Ano kaya'ng nangyayari sa kanya?

VEDASTO: Walang kwenta 'yon, hang-over lang 'yon, masyado siyang nalasing e.

ROSA: Maski na, kelangan din siyang bigyan ng lunas.

VEDASTO: Painimun mo ng Alka-Seltzer.

ROSA: O sige ha, bumili ka sa tindahan.

VEDASTO: Ow, bakit pa ako?

As Rosa goes to the kitchen to get money, Vedasto peeks at her.

ROSA: O, bumili ka na. [*Goes to Prosa's bedroom.*]

VEDASTO: Basta ikaw, nanginginig pa.

Vedasto checks the place where Rosa keeps her money.

Seq 15. *Street corner, ext., day. When street gang members see Alberto, they crack a joke about his family.*

STREET GANG MEMBER: Ayan ang sakristang makasalanan.

The others laugh. When Alberto proceeds to confront them, they leave. Miling passes by with her mother, Epang.

MILING: Magandang araw po, Padre.

ALBERTO: Magandang araw po, Aling Epang. Miling, saan kayo nanggaling?

MILING: Diyan lang, sa –

ALING EPANG (*unwilling to allow her daughter to converse with Alberto*): Tayo na.

Seq 16. *Campus, ext., day. Avelino, Tony, and their classmates discuss who they want to elect Class President.*

FEMALE CLASSMATE 1: Linda? Sino'ng ikakandidato sa ating Class President?

LINDA: E sino pa, si Avelino. E ikaw ba, sino?

FEMALE CLASSMATE 1: Si Avelino na rin.

MALE CLASSMATE 1: Sigurado ka na, Avelino.

AVELINO: Hindi pa naman.

MALE CLASSMATE 2: Ano ba'ng maipagmamalaki ni Avelino para maging?
Presidente ng klase natin?

FEMALE CLASSMATE 2: Iba naman ang aking palagay.

FEMALE CLASSMATE 3: E sino naman ang iboboto mo?

FEMALE CLASSMATE 2: Si Tony.

MALE CLASSMATE 2: Linda, ano ba'ng katangian ni Avelino para maging Presidente
ng klase natin?

FEMALE CLASSMATE 2: Siyanga naman, ano ba'ng katangian ni Avelino?

LINDA: Bakit, hindi pa ba sapat ang matataas na gradong nakuha niya sa ating klase?

FEMALE CLASSMATE 2: E kung pagdating sa gastusan?

LINDA: Ba, bahala na tayong magtulong-tulong sa kontribusyon.

FEMALE CLASSMATE 2: Kung si Tony ang ating magiging Presidente e hindi
na natin kelangang mag-kontribusyon. Aakuhin na niya'ng lahat ng gastos.

LINDA: E sa utak naman, sero 'yan!

Tony leaves.

LINDA: Ba, nakakahiya pang maging Presidente ng klase 'yan.

Bell rings. They all go to class.

Seq 17. *Outdoor washroom, ext., day. Melanio is washing up.*

FEMALE NEIGHBOR: O Rosa, eto'ng damit na marurumi'y labhan mo na, ano?
Unahin mo lang ang damit na pantrabaho ng asawa ko't damit ng mga anak kong pang-
eskwela.

ROSA: E ilan hong piraso ito?

FEMALE NEIGHBOR: Bilangin mo na.

ROSA: Ako na ho'ng bahala.

FEMALE NEIGHBOR: O, diyan ka na, ha?

ROSA: Oho.

Seq 18. *Prosa's living room, int., day. Leonides lounges, Rosa enters, Avelino arrives.*

ROSA: Pambili ng pagkain mo ito, o. Baka gutumin ka sa eskwela.

AVELINO: Magutom ka pa, sa 'yo na lang.

ROSA: Hindi sige na, kanin mo na, kaisa-isa 'yan e. Baka makita ka nila.

MELANIO (*arrives, witnesses Rosa's gesture*): Hoy, may pyesta tayo a. May itlog pa.

ROSA: Kaisa-isa lamang 'yan e.

MELANIO: Alam ko, basta si Avelino. Siyanga pala, pahiraman mo nga ako. Mahigpit lang ang pangangailangan ko e.

ROSA: Wala akong pera e.

MELANIO: O, wala na naman. Akala ko ba tumatanggap ka ng labada? Saan mo nilalagay yung kinikita mo?

Rosa searches for her money.

ROSA: Leonides, kinuha mo ba'ng pera ko?

LEONIDES: Anong pera?

ROSA: Yung nakalagay sa aparador.

LEONIDES: Bakit ba sa akin mo itatanong? Magnanakaw ba ako? Vedasto. Vedasto!

VEDASTO (*arrives when he's summoned*): O?

LEONIDES: Halika rito, may imbestigasyon.

VEDASTO: Ano 'yon?

LEONIDES: Ikaw ba'ng kumuha ng pera ni Rosa?

VEDASTO: Pera?

LEONIDES: Daw.

VEDASTO: Aba e, malay ko. Wala naman akong ginagawa dito kundi matulog. Saka hindi ko nalalamang may pera 'yan. Baka si Alberto. Baka naman....
[*Stares at Alberto.*]

ROSA: Hindi kukunin niyan at lalong-lalo na si Alberto.

LEONIDES: Bakit hindi? Bakit hindi si Alberto o si Avelino? Sila ba'y mga santo't kami mga demonyo?

ROSA: Hindi naman sa ganun, ngunit ay –

LEONIDES: Ngunit-ngunit wala nang ngunit! Tama ka na!

MELANIO: Akala ko ba sabi mo wala kang kwarta? Ngayon naghahanap ka.

ROSA: E para kay Avelino 'yon e. Pambayad sa eskwela't pambili ng libro.

MELANIO: A ganun, para sa estudyante meron, para sa kelangan namin wala. Di tama 'yon, bakit mo itatangi si Avelino?

VEDASTO: Ano'ng kaibahan ni Avelino at ni Alberto sa amin? Kaming lahat mga kapatid mo. Dapat pare-pareho'ng pagtingin mo sa amin.

ROSA: Ano'ng ikinagagalit ninyo? Di ba mahal ko kayong lahat? Nagpapaalipin na nga ako sa inyo. Narinig ba ninyo akong dumaing? Ito pa ba'ng mapapala ko sa pagsisilbi sa inyo? Masama pa ba akong kapatid? Ako na nga'ng pinakabata, ngunit sa halip na arugain ninyo e, ako pa'ng nagpapasan at gumaganap sa tungkulin ng Inay.

LEONIDES: Ikaw pala'ng Inay namin, bakit puro kay Avelino'ng pagtingin mo? Siya na lang ba'ng anak ng Diyos, na naiiba sa lahat?

VEDASTO: Kung talagang parang magulang ka namin ay huwag kang magbuhos ng pagtingin kahit kanino. Kailangan maging pantay-pantay kami.

ROSA: Walang kaibahan si Avelino. Pantay-pantay ang pagtingin ko sa inyong lahat. Ang kaibahan lamang niya'y siya'y nag-aaral.

MELANIO: Sa palagay mo ba e maiiba ang kanyang kapalaran? Na siya'ng hahango sa atin sa lusak na itong sinumpa ng Diyos? Kalokohan. Walang kabuluhan ang pag-aaral kung hindi nila kaya. Ikot kayo ng ikot dito rin ang inyong bagsak. Kung anong taas ng inyong pangarap siya rin ang lakas ng inyong bagsak.

ROSA: At sino'ng me sabi sa inyong hindi tayo mahahango sa kabuhayang ito? Kung kayo pa rin ay nasisiyahan sa pagkalublob sa putikang ito, ako hindi. Umaasa akong balang araw ay sisikat sa atin ang mabuting kapalaran – sa pamamagitan ni Avelino, pagkat siya lamang ang tanging nagtityaga. Hindi tulad ninyo, nasisiyahan na lamang sa kumai't dili.

Melanio hits Rosa.

AVELINO: Kuya! Nangatwiran lang naman si Rosa.

MELANIO: Baka naman sa pinapangaral mo e, kaya mo na akong pagsalitaan. Ano, ba't hindi ka lumaban?

ROSA (*stops Melanio from confronting Avelino*): Kuya, hindi naman lalaban sa iyo si Avelino a.

MELANIO: Hanggang diyan ka lang pala.

Seq 19. *Street corner, ext., night. On the way to see Rosa, Candido sees Alberto.*

CANDIDO: Oy Alberto!

ALBERTO: Candido!

CANDIDO: Ginagabi ka yata?

ALBERTO: Oo, e naglinis pa ako sa simbahan dahil may kasal bukas e, saka inutusan ako ng pare e.

CANDIDO: Ako rin galing sa overtime e. Pupunta sana ako sa inyo e. Gising pa ba sila?

ALBERTO: Oo.

CANDIDO: Mukhang malalim ang iniisip mo a.

ALBERTO: Wala naman. Iniisip ko itong buhay namin. Sala sa lamig, sala sa init. Nagpapakabuti ka na masama ka pa rin. Katulad kanina, kamuntik na naman akong mapalaban ng away e.

CANDIDO: 'Ba brod, huwag kang pasusuko diyan, aba mahirap 'yang basag-ulo.

ALBERTO: Sabagay pero, kahit naman anong laki ng sisidlan mo mapupuno ka na rin e. Katulad ng paglalasing ng nanay, mga gulo ng mga kapatid ko ... e ako na lang ang inuusig ng mga tao e. Nagbibingi-bingihan na nga ako e pero wala nang nalalamang kantiyawan kundi ako. Katulad sa simbahan, ako na lang laging tinutudyo roon. Sa palagay ko Candido e hindi na ako makakatiis e. Gusto ko nang magpaalam sa pare.

CANDIDO: Hu wag. Magpapaalam ka, e 'yan ang hilig mo, magpatuloy ka. Bakit iintindihan mo'ng tsismis ng tao? E talagang marami diyan, mas gusto pa'ng magtsismis kesa kumain.

ALBERTO: Sabagay, 'yan ang sabi sa akin ng amo. E naiisip ko –

CANDIDO: Huwag mong intindihin 'yon.

NEIGHBOR 1: Oy amo, nandiyan ka pala.

ALBERTO: Oo nga e, papauwi na ako e.

NEIGHBOR 2: Wala ba kayong kama?

ALBERTO: Ha? Bakit?

NEIGHBOR 1: Dahil sa ang nanay mo nakahiga na naman sa riles. Andoon.

ALBERTO: Sandali lang Candido, ha? Saan?

NEIGHBOR 1: Doon! [*Alberto and Candido leave to fetch Prosa.*] Talagang walang ginawa ang pamilyang 'yan kundi ang manggulo't maglasing.

Seq 20. *Railway tracks, ext., night. Alberto and Candido retrieve Prosa.*

ALBERTO: Inay! Inay, humiga na naman kayo diyan sa riles ng tren!

PROSA: Ha? Ha, nakita ko'ng tatay mo.

ALBERTO: Lasing na naman kayo.

PROSA: Hindi ako kinausap.

ALBERTO: Inay, huwag na kayong iinom.

Seq 21a. *Prosa's house, int./ext., day. Floozies arrive at Prosa's house, bringing Melanio's kids. They're met by Rosa.*

FLOOZIE 1: Magandang araw po. Tao po.

ROSA: Ano po'ng kailangan niyo? Tuloy kayo.

FLOOZIE 1: Huwag na, dito na lang. Rosa, ako'y naparito upang kayo'y ihingi ng kalinga itong anak ni Melanio.

FLOOZIE 2: Kami man ay lubos nang pinabayaan ni Melanio. Ni gatas ay wala akong mapainom sa aking anak. Wala naman akong ibang malapitan kundi ikaw.

FLOOZIE 3: Ako, basta iiwan ko sa iyo itong aking anak.

ROSA: E ano'ng gagawin ko diyan?

FLOOZIE 3: Ba kayo na'ng bahalang magpalaki sa kanya. Kailangang pag-aralin niyo siya.

FLOOZIE 2: Tapos na sa amin ni Melanio'ng lahat. Wala na akong tiyagang maghabol pa sa kapatid mong 'yan – o! Heto'ng bata!

FLOOZIE 1: Heto, iiwanan ko na rin si Baby.

FLOOZIE 3: Heto na rin ang aking anak, sa iyo na.

ROSA: Aba! Ano'ng gagawin ko sa mga anak ninyo?

FLOOZIE 1: At bakit, hindi mo ba kikilalanin na anak ni Melanio ang mga batang ito?

ROSA: Kilalanin ko man kayong lahat e wala rin akong magagawa. Papano ko kayo matutulungan e kung kami man naghihikahos din?

FLOOZIE 3: Wala kaming pakialam sa paghihikahos ninyo. Wala na kaming mapakain sa aming anak.

ROSA: Dinaramdam ko, wala akong magaga wa. Ang kuya ko ang kausapin ninyo. Siya'ng may pananagutan sa inyo.

FLOOZIE 1: Ikaw ay babae ring katulad namin. Dapat ay danasan mo'ng nangyari sa amin.

ROSA: Dapat nag-isip kayo bago pumatol sa isang lalaking salawahan at walang kapananagutan sa buhay. Ginusto ninyo 'yan, magpahinog kayo! Huwag ninyo akong bwisitin!

FLOOZIE 1: Aba hindi maaari.

FLOOZIE 2: Hindi ako papayag.

FLOOZIE 3: Basta hindi kami aalis.

ROSA (*gets an idea*): Talaga bang hindi maaari?

FLOOZIE 1/2/3: Hindi.

Rosa picks up a laundry paddle from the outdoor washroom to drive them away.

ROSA: Hindi ba kayo aalis? Ano ba, hindi ba kayo magsisialis? Kung hindi, paghahamba-hambalusin ko kayo!

FLOOZIE 3: Aba ang tapang mo a?

FLOOZIE 2: Mukhang matapang ka a.

ROSA: Talaga!

FLOOZIE 1: Maghabla ako.

ROSA: Maghabla ka!

FLOOZIE 1: Makakarating ito kay Melanio.

FLOOZIE 2: Pagbabayaran mo ang ginawa mo.

FLOOZIE 3: Bahala na sa iyo ang hustisya.

FLOOZIES' voices [*offscreen*]: Naku, kung hindi lang ako nagpipigil. Walang kwentang pamilya ito.

Seq 21b. *Street, ext., day. Walking away from Prosa's house, floozies see Melanio and confront him.*

FLOOZIE 1: Pambihira 'yang kapatid mo.

MELANIO: Bakit? Saan ba kayo galing?

FLOOZIE 3: Sa inyo, hinahanap ka namin e.

MELANIO: Bakit?

FLOOZIE 3: E hihingi sana kami ng sustento e. Wala na kaming makain e. Ang inaalala ko itong bata, hindi na bale sana kung ako lang.

FLOOZIE 2: Aba, akalain mo ba namang ipagtabuyan kaming parang hayop.

FLOOZIE 3: Pagpapaluin pa kami ng palo-palo!

FLOOZIE 2: Siyanga.

MELANIO: Baka naman kung ano'ng nasabi niyo?

FLOOZIE 1: Ano'ng sasabihin namin doon?

FLOOZIE 3: Wala.

MELANIO: O sige, magsiuwi na kayo't ako'ng bahala sa inyo. Aasikasuhin ko lang ang kapatid ko. Sige na.

FLOOZIE 2: Tara na.

Seq 22. *Prosa's living room, int., day. Rosa irons clothes. Avelino suddenly shows up.*

AVELINO: Rosa?

ROSA: Ano, tanghali na ba?

AVELINO: Hindi pa.

ROSA: O e bakit ka umuwi agad?

AVELINO: E nagkaroon kami ng eksamin e. ako. Natapos kaagad ako kaya umuwi ako.

ROSA: Hindi pa ako nakapagsasaing.

AVELINO: O ako na'ng magsasaing. Ano ba'ng ulam natin, adobo, letson o relyeno?

ROSA (*laughs*): Pilipino ham pa rin.

AVELINO: Ayos, Pilipino ham. [*Melanio also arrives, Avelino greets him. Rosa looks anxious.*] O kuya.

MELANIO (*ignores Avelino*): Rosa?

ROSA: Ano 'yon, kuya?

MELANIO: Lumalabis ka ha.

ROSA: Bakit?

MELANIO: Ano'ng pinagsasabi mo sa kanila kanina?

ROSA: Sa lagay ba e, kahit anong sabihin nila sa akin, hindi na lamang ako kikibo?

MELANIO: Oo, wala kang karapatan! Ako'ng nakakatanda rito, naiintindihan mo? Tuturuan kita ng naiintindihan mo.

Melanio attempts to hit Rosa but Avelino stops him.

AVELINO: Kuya! Kuya, utang na loob! [*Melanio vents his anger on Avelino and manages to overpower him at first.*]

ROSA: Kuya, tama na! Kuya! Kuya! Kuya tama na! Kuya! Kuya! Kuya, tama na!

The fighting spills over outside. Avelino manages to fight back, Rosa follows, and Prosa intervenes.

ROSA: Kuya! Kuya tama na! Tama na!

MELANIO (*controls himself from fighting further*): Wala kayong mahal kundi si Avelino. Tingnan niyong mabuti itong aking mukha. Ito na'ng huling pagkakita niyo sa akin. Isinusumpa ko itong tahananang walang mabuting nagawa para sa akin, kahit na ano! Diyan na kayo! [*To the onlookers who were drawn to the melée.*] Kayo, ano'ng ginagawa niyo riyang, ano'ng pinapanood niyo? Ha?

Onlookers dissipate.

PROSA (*hurt by Melanio's words*): Melanio, Melanio, anak ko.

ROSA (*holding her back*): Inay.

MELANIO (*still in a foul mood, addressing remaining onlookers*): Kayo, meron ba sa inyong gustong magsabay? Meron ba sa inyong may kursunada?...

Seq 23a. *Street leading to Prosa's house, ext., day. Neighbor brings cop to the door of Prosa's house.*

NEIGHBOR: Ito'ng bahay.

Candido nears, cop inquires of Rosa and Rosa as they step out.

COP: Dito ba nakatira itong taong ito? [*Shows them a photo of Melanio.*]

ROSA: Kapatid ko ho.

Sensing trouble, Candido runs toward them.

COP: Meron kaming mandamyento de arresto. Huhulihin namin siya.

AVELINO (*showing up*): Bakit?

ROSA: Hinuhuli raw si Melanio e.

PROSA: E kaaalis-alis po lamang ni Melanio a.

COP (*gesturing to them to show him where*): Tara na....

Seq 23b. *Street, ext., day. Melanio sees police jeepney with Floozie 1 crying inside. Floozie 3 hangs around.*

MELANIO: Bakit, me ginawa ba ako sa iyong masama?

FLOOZIE 3: Oo.

FLOOZIE 1: Nagkukunwari ka pa. Talagang walanghiya ka, walanghiya ka talaga.

MELANIO: Wala akong kinalaman dito a.

COP: Pare, sumama ka sa amin.

MELANIO: Bakit?

COP: Sa husgado ka na mangatwiran.

MELANIO: Bakit naman? [*Attempts to run, is caught by cop.*]

FLOOZIE 1: Tatakas pa, walanghiya!

COP: Tara, sumakay ka na.

Seq 24. *Miling's house, ext., day. Alberto, outside the gate, wants to arrange a visit with Miling.*

MILING: Napaaga yata'ng uwi mo ngayon.

ALBERTO: Oo, nagpaalam ako kay Padre. Miling nandyan ka ba mamayang gabi?

MILING: Aba oo, palagi naman akong nandyan e. Bakit?

ALBERTO: Gusto ko sanang dumalaw mamaya e.

MILING: Aba huwag! Alam mo e –

ALBERTO: Alam ko. Alam kong tutol sa akin ang iyong ina. Nandyan ba siya?

MILING: Wala. Nasa kumare niya.

ALBERTO: Kaya naman ako dadalaw mamaya dahil gusto kong magkausap kami. Gusto ko siyang makaharap. Miling, habang kinukuyom ko sa aking dibdib ang aking damdamin ay lalong naghihirap ang aking kalooban.

MILING: Maghintay ka, Alberto. Ang pagtityaga'y mabisang lunas sa lahat ng suliranin. Tayo'y mga bata pa naman.

ALING EPANG (*unexpectedly arriving*): Miling? Nariyan pala'ng lalakeng 'yan.

ALBERTO: Magandang araw po.

ALING EPANG: Halika babae ka. Ilan bang beses na sasabihin ko sa iyong huwag kang makikipag-usap sa lalakeng 'yan?

MILING: Wala namang ginagawang masama si Alberto, saka mali ho ang inyong palagay sa kanya. Siya ho'y mabait na tao.

ALING EPANG: Sus. Naiiba pa ba 'yan sa kanyang magulang at mga kapatid? Puro mga haragan. Sige, akyat sa taas. Sige na.... [*Alberto stares helplessly at Aling Epang, who refuses to acknowledge him.*] Akyat sa itaas.

Seq 25. *Suburban lot, ext., day. Candido is showing Rosa around.*

ROSA: Saan ka pupunta?

CANDIDO: Dito!

ROSA: Saan?

CANDIDO: Sa pagtatayuan natin ng ating palasyo.

ROSA: Palasyo?

CANDIDO: Oo, dito natin itatayo ang tahananang magiging dambana ng ating pag-ibig. Dito, ikaw ang magiging reyna. Magiging malaya at maginhawa.

ROSA: At ikaw naman ang hari.

CANDIDO: At pinangangako naman sa iyo ng iyong hari na paliligayahin ka niya sa abot ng kanyang makakaya.

ROSA: Hindi mo na kailangan pang sabihin pa sa akin ang mga bagay na 'yan. Alam ko namang liligaya ako sa iyong piling e.

CANDIDO: E 'yon pala e, ano pa'ng hihintay natin, di magpakasal na tayo.

ROSA: Maaari nga tayong magpakasal, e ... papano naman ang aking Inay at ang aking mga kapatid? Hindi ko sila basta maiiwan.

CANDIDO: E hindi ko naman sinasabi sa iyong iwan natin sila e. Isama natin sila rito. Ang lawak-lawak nitong pook na ito. Baka sakaling dito sa tahimik na pook na ito'y magpanibagong-buhay ang iyong mga kapatid.

ROSA: Maghintay na muna tayo. Lahat ng bagay ay may oras. Kapag sukdulan na ang pagtitiis ng isang tao ay sapilitang ngineiti sa kanya ang panibagong pag-asa't kapalaran.

CANDIDO: Kung sabagay nga. Ang akin naman ay pakiusap lang. Hindi kita mapipilit kung ayaw mo.

ROSA: Hindi sa ayaw ko, Candido. Alam mo namang mahal kita.

CANDIDO: Oo mahal mo ako. At mahal din naman kita. Ngunit kailangan bang timpiin ang pagmamahalang 'yan? Magkaibang-uri ang ating pagmamahal. Magkaibang-uri ang ating pagmamahal. Ako'y nakahandang magpakasakit alang-alang sa iyong pagmamahal. Ngunit ikaw –

ROSA: Nagagalit ka?

CANDIDO: Hindi pwedeng magalit sa hindi mahal. Sapagkat mahal kita.

ROSA: Candido, hindi mo ako naunawaan.

CANDIDO: Naunawaan kita. At nauunawaan ko rin, iba-iba ang uri ng pag- ibig ng tao. Kayat hindi kita masisisi.

ROSA: Talagang hindi mo ako naunawaan. Kung nalalaman mo lamang kung gaanong kalaki ang aking pagnanais at kasabikang manirahan sa tahimik na pook na ito, na kapiling ka. Halos gabi-gabi, 'yan ang napapanaginip ko. Ngunit hindi tayo maaaring mabuhay sa panaginip lamang. At hindi rin ako liligaya sapagkat meron pa akong tungkulin na dapat gampanan. Candido, makapaghihintay ka ba?

Seq 26. *Railway tracks, ext., night. Train blasts its horn. Bums talk about their lot as Alberto arrives.*

BUM 1: Kagabi?

BUM 2: Huwag mong intindihin yun.

BUM1: Parang masyado'ng malas ko.

BUM 2: Pero ayan na si amo. Magagawa mo'ng pinag-usapan natin?

BUM 1: Ba oo.

BUM 2: Sige gawin mo.

BUM 1: Manood kayo.

BUM 2: O sige, tingnan natin.

BUM1 (*mimics Prosa*): Damian! Damian! Damian, bakit mo kami iniwan?

BUM 2: Bagay na bagay pala sa 'yo! [*Bums laugh.*]

BUM 1: Iba na'ng lasenggo.

ALBERTO (*hurt by their prank*): Bakit naman pati ginagawa ng ina ko'y ginagagad ninyo? Labis-labis na'ng ginagawa niyo a.

BUM 1: E ano ba'ng pakialam mo? Mukha yatang matigas na'ng mga buto mo a.

ALBERTO: Matagal na, bakit?

BUM 2: Siyanga, ha?

BUM 3: Matigas nga e! [*Lays a hand on Alberto.*]

ALBERTO: Ano ka ba! [*They scuffle, Alberto overpowers Bum 3.*] Sige, tumayo ka!

BUM 1: Tabi, akin lang 'to! Kaya ko 'yan! Kaya ko 'to! [*More scuffling, fisticuffs, bumss overpower Alberto until they hear a cop blow his whistle.*] Matigas ka ha?

BUM 3: May pulis! Sibat na!

COP: Ano ba'ng nangyari?

ALBERTO: Pinagtulungan ho ako e.

COP: A, nakikilala mo ba sila?

ALBERTO: Mga tiga-rito ho.

COP: Ikaw ba maghahabla?

ALBERTO: Hindi ho.

COP (*dismisses Alberto*): A sige, uwi ka na.

Seq 27. *Prosa's living room, int., night. Alberto, blackeyed from the earlier skirmish, berates Prosa for her public behavior.*

ALBERTO: Inay, Inay, maaari bang huwag na kayo maglalasing? Huwag na kayong pupunta sa riles ng tren. At lalong huwag na kayong hihiga roon. Kung gusto niyong mahiga e di doon sa bahay. Dito kayo mahiga hanggang gusto niyo. Ha, Inay?

PROSA: Aba, nagagalit ka sa akin? Kaya naman ako nagpupunta doon, dinadalaw ko ang Tatay niyo –

ALBERTO: Ang Tatay, ang Tatay – wala na kayong nalalamang sahihin kundi ang Tatay! Kalimutan niyo na siya, patay na 'yon! Sige kayo, aburidong-aburido na ako – 'pag nakaisip ako ng masama'y magpapasagasa na rin ako sa tren katulad ng Tatay! At kung me Diyos e, kayo'ng mananagot sa 'kin!

Rosa and Avelino arrive and witness Alberto's outburst.

ROSA: Alberto, huwag kang umalis ng ganyan!

AVELINO: Alberto, huwag kang magkakaindak sa mga sinasabi ng ibang tao. Ang bawat nilalang ay may pananagutan sa kanilang sarili. Kaya kung tama'ng ginagawa mo ay dapat kang masiyahan, kahit ano pa'ng sabihin ng ibang tao.

ALBERTO: Magaling ka mangaral, ano? Dahil ang nangyayari sa akin e hindi nangyayari sa 'yo, ano?

AVELINO: Anong hindi? Diyan ka nagkakamali. [*Prosa starts to cry.*] Maraming pagkutya akong tinanggap ngunit hindi ko sila iniintindi.

ALBERTO (*reacting to Prosa*): Ayan, umiiyak na naman! Talagang hindi ako makakatiis sa pamamahay na to, diyan na kayo!

ROSA: Alberto! Alberto!

Seq 28. *Miling's house, ext., night. Desperate, Alberto's at the front gate, making a scene.*

ALBERTO: Tao po! Tao po! Magandang gabi po! Miling? Miling?

ALING EPANG (*comes out*): Bakit?

ALBERTO: Magandang gabi po.

ALING EPANG: Bakit, ano'ng kailangan mo?

ALBERTO: Gusto ko lang po sanang makausap si Miling e.

ALING EPANG: Hatinggabing-hatinggabi'y gusto mong makausap ang aking anak. Hindi ba sinabi ko na sa 'yo na ni makikipag-usap e huwag kang makipag-usap sa aking anak? Napakatigas naman ng ulo mo a. Kung ayaw kang matulog ay magpatulog ka

naman. Saka hindi 'yang uri mong 'yan, hindi 'yang klase ng pamilya ninyong 'yan ang manliligaw sa aking anak. Aba, huwag ka nang magpilit at hindi ka kailangan ni Miling, hindi ka namin kailangan! Sumige ka na, umalis ka na!

ALBERTO: Para niyo nang awa, Aling Epang. Pabayaang niyo na hong magkausap kami ni Miling, kahit sandali lang ho. Para niyo nang habag, nakikipag-usap na ho ako sa inyo, pabayaang niyo na ho, sige na ho, pakitawag niyo na si –

ALING EPANG: Bakit ka pa nagpupumilit? Hindi ka ba marunong umintindi? At saka hindi ka pa ba nakakahalata kung bakit ayaw ko sa lahi ninyo? Nasa inyo na'ng lahat ng kasamaan: lasengga, sugarol, mga sanggano, mga hampaslupa –

ALBERTO: Tama na kayo! Labis-labis na'ng ginagawa niyong paghamak sa aking angkan! Nagpapakatao na ako't nagsusumamo sa inyong harapan para makausap si Miling! Pagsisisihan niyo balang araw ang ginagawa niyo sa akin. Baka makaisip ako ng –

ALING EPANG: Makaisip ng ano? Nananakot ka pa yata ha! Tatawag ako ng pulis. Pulis!

ALBERTO: Miling!

ALING EPANG: Pulis!

ALBERTO: Milsing!

ALING EPANG (*overlap*): Pulis! Pulis! Pulis! Pulis! Pulis! Pulis! Pulis!

ALBERTO (*overlap*): Miling! Sandali lang gusto kita makausap! Miling, gusto kitang makausap! [*To Aling Epang.*] Pagbabayaran niyo ito, magsisisi kayo.

ALING EPANG: Walanghiyang ito! Hatinggabing-hatinggabi'y nagbubulahaw! Walanghiya.

Seq 29. *Avelino's bedroom, int., night. Rosa and Avelino worry over Alberto's whereabouts.*

ROSA: Avelino, hindi pa ba umuuwi si Alberto?

AVELINO: Ewan ko, nang matulog ako'y wala pa siya e. Baka kasama nina Leonides at Vedasto.

PROSA (*offscreen*): Rosa.

ROSA: Inay?

PROSA (*calls out*): Rosa.

ROSA (*walks toward window*): Hindi ba kayo natulog?

PROSA: Hindi ako makatulog anak, hinihintay ko si Alberto. Hindi umuwi magdamag a.

AVELINO: E baka ho natulog sa kumbento.

PROSA: Hanapin mo nga anak, kinakabahan ako.

ROSA: Oho. [*Goes to doorway, sees Leonides and Vedasto.*] E hindi niyo nakita si Alberto?

LEONIDES: Ano ba, kami ba'ng tanungan ng mga nawawalang kalabaw?

VEDASTO: Sa simbahan mo hanapin, baka nagdadasal para kayo'y yumaman.

Seq 30a. *Miling's house, ext., night. In the shadows, a now-drunk Alberto discards a bottle of booze.*

ALING EPANG: Hindi ka ba maglalaba muna bago maligo?

MILING: Maliligo ho muna ako.

ALING EPANG: O ikaw na'ng bahala rito ha?

MILING: Oho.... [*Goes to bathhouse, pumps water, then screams when Alberto enters.*] Inay tulungan niyo ako!

Women on street are startled. Miling manages to run out of the bathhouse.

ALING EPANG (*running to her daughter's help*): Miling ikaw ba 'yan? Mga kapitbahay, tulungan nyo kami! Bitiwan mo'ng anak ko!

MILING (*as Alberto lets go and moves away*): Si Alberto ho!

ALING EPANG: Pulis! [*Police whistles, Alberto flees.*]

Seq 30b. *Street corner, ext., night. Mob chases Alberto, who runs into the church. Priest stops them.*

Seq 30c. *Church, ext., night. Flustered and desperate, Alberto prays.*

ALBERTO: Patawarin niyo po ako, aking Diyos. Bakit ko po ginawa itong bagay na hindi ko dapat gawin?

Intercut:

At the street corner, priest becalms the angry mob.

PRIEST: Magpakamarahan kayo, at gagawin natin ang dapat nating gawin! Maaaring si Alberto ay nagkasala at maaari nating patawarin, sapagkat ang pagpapatawad ay karaniwang gawain ng isang mabuting tao –

ROSA (*arriving, to one of the crowd*): Mama, ano ho ba'ng nangyari?

TAGAMASID: Si Alberto'y hinahanap ng mga pulis dahil sa paggahasa sa anak ni Aling Epang.

ROSA: Ano ho?

In the church, another sacristan approaches Alberto.

SACRISTAN: Alberto, bakit ka nagkakaganyan? [*Alberto runs further into church.*]

At the street corner, the priest continues talking to the crowd.

PRIEST: Hayaan ninyong ituwid ko ang batang 'yan sa mabuti niyang gawain –

ROSA: Si Alberto ho –

ALING EPANG: Ayan, ayan ang kapatid nung walanghiyang Albertong 'yan. Naku, talagang napakasama ho ng Albertong 'yan e....

Inside the church, Alberto runs up the belfry.

On the street corner, a cop has arrived and addresses the crowd.

COP: Sige umuwi na kayo, uwi na kayo.

PRIEST (*to Aling Epang*): Mabuting ina, kung kayo'y may reklamo ay dalhin sa munisipyo't husgaan.

ALING EPANG: Talagang magreklamo ako.

PRIEST: Kunan niyo ng record, at asahan ninyo na lahat ng tulong ay maging inyo.

Having entered the church, Rosa has asked the sacristan if he had seen Alberto.

SACRISTAN [to ROSA]: Sumunod ka sa 'kin....

The sacristan points up the belfry. Rosa follows his direction, sees that Alberto has hung himself, and screams.

Seq 31. *Rail tracks, ext., night. Another train speeds by, sounding its horn.*

Seq 32. *Nightclub, ext., night. Leonides has gotten himself drunk over Alberto's suicide. Other patrons steer clear of him except for a customer who seems interested in his reckless fearlessness.*

LEONIDES (*breaks a beer bottle*): Sahihin ninyong ako'y angkan ng isang lasenggo. Isumbat ninyo'ng pagkamatay ng aking kapatid, si Alberto. Kung sino'ng matapang, magsalita. Hinahamon kita! Hinahamon ko kayong lahat! Hindi ako baliw na gaya ng kapatid kong si Alberto. Hindi ako magpapakamatay na nag-iisa! Kung ako'y mamamatay, hindi ako mag-iisa. Hahanap ako ng damay! Hinahamon ko kayong lahat! Marami akong papatayin bago ako mamatay. [*Throws glass at bar, bangs counter.*] Alak. Alak!

MAXIMO: Konting lamig, partner. Hindi pagkakakwartahan 'yan e.

LEONIDES: Bakit ano'ng ibig mong sabihin?

MAXIMO: Alam mo, me lakad kami ngayon e. Big money ito, partner. Kung gusto mo sumama ka. Nariyan si boss naghihintay (*points to a seated well-dressed man*), ayun siya. Tayo na.

LEONIDES (*to boss*): Ano'ng kelangan mo?

BOSS: Alam mo, meron kaming magandang lakad. Marahil nasabi na ni Maximo. Pero kailangan ko ng isang kasama na katulad mo.

LEONIDES: Bakit?

BOSS: Sapagkat....

Seq 33. *Highway, ext., night. Gangsters' car cuts target vehicle. They fire warning shots at their target.*

BOSS: Walang kikilos! [*Leonides shoots at man in target car.*] Gago, bakit mo binaril?

Police siren, police car arrives. Leonides runs, hides.

COP: Taas ang kamay.

GANGSTER: Suko na 'ko!

COP: Saan ang kanan niyo?

GANGSTER (*points to an accomplice*): Ito.

COP: Taas ang kamay. Sige.

Seq 34. *Another nightclub, int., night. Lounge instrumental plays. Like Leonides, Vedasto has also decided to seek solace in alcohol. Candido and Rosa, looking for Leonides, arrive at Vedasto's hangout.*

CANDIDO (*to Rosa*): Si Vedasto narito. Maiwan ka muna diyan at kakausapin ko lang siya.

ROSA: Sasama na ako.

CANDIDO: O halika....

As Rosa passes by Tony, he wolf-whistles at her.

CANDIDO (*to Vedasto*): Vedasto.

VEDASTO (*drunk but in a good mood*): Oy, Candido, Rosa. Sandali lang ha. Upo ka. [*To waiter.*] Waiter, bigyan ng maininom si bayaw.

CANDIDO: Hindi, huwag na.

VEDASTO: Bakit naman pati dito'y me hinahanap kayo?

ROSA: E hinahanap namin si Leonides e. Hindi mo ba siya nakikita?

VEDASTO: Hindi ba sinabi ko sa 'yong kagabi'y ni anino nun e hindi ko nakikita. Makulit ka ano?

ROSA: E hinahanap siya ng Nanay e. Hindi na siya makakain. E mabuti pa kaya'y samahan mo kaming maghanap.

VEDASTO: Bakit pati ako, kayo na lang.

CANDIDO (*to Rosa*): Halika na. Mabuti pa nga tayo na lang maghanap. Gagabihin pa tayo baka hindi pa natin makita 'yon. [*To Vedasto.*] Sige, aalis na kami ha? Salamat.

VEDASTO: Anong salamat?

TONY (*to a waiter, referring to Rosa*): Ah waiter, sino'ng babaeng 'yon?

WAITER: Ewan ko, ngayon lang ñapunta dito 'yon e.

TONY: Ah waiter, kumuha ka ng isang boteng whiskey, soda't dalawang baso. Isunod mo sa akin, ha?

WAITER: Oho.

Candido and Rosa leave the nightclub. Tony goes to where Vedasto is seated.

TONY: Kaibigan, maaari bang sumama sa 'yo?

VEDASTO: Sige, maupo ka.

TONY (*to waiter, who has brought Tony's order*): Sige, diyan mo. [*To Vedasto.*] Alisin natin 'to ha? Dalawang whiskey 'yan o. Uminom ka, ha? Sige uminom ka.

VEDASTO: Bakit mo ako paiinumina?

TONY: Alam mo e, magaan ang loob ko sa 'yo e. Saka isa pa, hindi ko ugali ang uminom ng nag-iisa. O, sa ating mabuting pagkikilala, ha? Sige....

Seq 35a. *Pa Isko's house, ext., day. A police officer asks Pa Isko for information.*

PA ISKO: Wala po akong nalalaman. [*Points to Candido, who happens to be passing by.*] E baka ho siya.

POLICE OFFICER (*calling Candido*): Sir, sandali lang. Sandali lang ho.

CANDIDO: Ano po ba'ng maipaglilingkod ko sa inyo?

POLICE OFFICER: E maliit na bagay lang.

Fearing the worst, Pa Isko leaves for Prosa's residence.

Seq 35b. *Prosa's house, ext., day. Pa Isko calls her as he arrives.*

PA ISKO: Rosa! Rosa!

ROSA: Ho?

PA ISKO: Madali ka.

ROSA: Bakit ho?

PA ISKO: Si Candido.

ROSA: Ano'ng nangyari sa kanya?

PA ISKO: Hinuhuli ng PC.

ROSA: Ho? E saan ho siya nandodo'n ngayon?

PA ISKO: Naroon sa labasan.

ROSA: Naku tena ho.

PA ISKO: Halika, dali ka.

Seq 35c. *Pa Isko's house, ext., day. Rosa and Pa Isko arrive to find Candido conversing with the police officer.*

ROSA: Candido!

CANDIDO: O saan ang punta?

ROSA: Bakit ka nila hinuhuli ha?

CANDIDO: Ano'ng hinuhuli, sino'ng me sabi sa 'yo?

ROSA: E sabi ni Pa Isko e.

CANDIDO: 'Yang Pa Sikong 'yan, hindi ako hinuhuli, me itatanong lang sila sa akin.

ROSA: Ano'ng tinatanong nila sa 'yo?

POLICE OFFICER: E kami na hong magsasabi sa inyo. Hindi siya'ng sadya namin kundi talagang kayo.

ROSA: Ako ho?

POLICE OFFICER: Oho.

ROSA: E bakit ho?

CANDIDO: Huwag kang mabibigla, Rosa. Si Leonides ang pakay nila.

ROSA: Si Leonides ho? Ano ho'ng nangyari sa kanya? Sabihin ho ninyo sa akin, kapatid ko ho siya.

POLICE OFFICER: Kung akala ho niyo e siya'y nadisgrasya, e hindi ho. Subalit meron siyang malubhang suliranin. Ang inyong kapatid ay napasama sa isang pangkat na manunusok at manghaharang sa highway at sila'y nakamatay. Ang lahat ng kanyang kasamahan sa pangkat na 'yon ay nangihuli na't nagsiamin na, subalit siya'y nangangawala, at kasalukuya'y nagtatago. Diumano, sinusumpa raw niya na siya'y

hindi pahuhuli ng buhay. Subalit nalalaman namin kung saan siya nagtatago, at nakahanda na kaming sumalakay sa kanyang hideout.

ROSA: Isama ninyo ako sa kanyang hideout. Pасusukuin ko siya. Ang kapatid ko ho'y talagang hindi masam. Napabarkada lamang siya.

CANDIDO: Mapanganib ang lakad na 'yon, Rosa. Hayaan mong ako na'ng sumama. Makikinig din siguro sa akin si Leonides e.

ROSA: Hindi makikinig siya sa 'yo. Ako na ho, ako na'ng pasamahin ninyo.

CANDIDO: Mahirap 'yon e, babae ka e. Baka mamaya kung nagagalit na si Leonides wala nang nakikilala 'yon –

ROSA: Ako'y kapatid niya. Isama na ninyo ako, at tinitiyak ko sa inyong hindi ako manganganib sa kamay ng aking kapatid.

POLICE OFFICER: Kung gayon e, sumama na kayo.

CANDIDO: Sasama rin ako.

Seq 36a. *Hideout, ext., day. Police officer, Candido, and Rosa arrive at the house where Leonides is hiding.*

POLICE OFFICER: Sergeant! Take care of the rear ground.

SERGEANT: Yes sir.

CANDIDO: Rosa! Rosa! Huwag kang sumunod diyan, mapanganib diyan e.

POLICE OFFICER: Dapa, down!

POLICE OFFICER: Leonides! Sumuko ka na kung ayaw mong mapahamak! Napapaligiran ka na namin! [*Inside hideout, Leonides's meal is interrupted.*] Alam naming naririyang ka! Sumuko ka na! Bibigyan kita ng limang minuto kung hindi! Kung ikaw ay susuko'y lumabas ka nang nakataas ang kamay!

Seq 36b. *Hideout, int., day. Leonides goes to the window to give his answer.*

LEONIDES: Hindi ako susuko! Lumusob na kayo kung gusto ninyo! Ang babala ko lamang sa inyo: kung sino'ng lumagpas diyan sa bakod na 'yan ay kawawa! Pipistahin ko ang katawan, sabay-sabay na tayo maghapunan sa impyerno!

Intercut:

Refusing to be held back, Rosa enters Leonides's hideout's yard.

CANDIDO (*calling after her*): Rosa!

POLICE OFFICER (*to Candido*): Huwag kang sumunod, mapapahamak ka.

CANDIDO: Rosa, Rosa, magbalik ka rito!

POLICE OFFICER: Hold your fire, men!

CANDIDO: Rosa!

ROSA: Leonides!

Hearing Rosa's voice, Leonides is surprised.

LEONIDES: Rosa, ano'ng ginagawa mo diyan?

Still approaching the hideout, Rosa continues pleading with her brother.

ROSA: Sumuko ka na! Alang-alang sa Nanay, alang-alang sa akin. Ayaw ka naming mapahamak. Mahal ka naming lahat.

POLICE OFFICER: Leonides, meron ka pang tatlong minuto.

Leonides is distracted by Rosa's intervention.

LEONIDES: Gusto mo bang pati ikaw mapahamak?

Rosa's overwhelmed by her worry over what fate might await Leonides.

ROSA: Oo, kung hindi ka susuko'y hindi bale na akong mapahamak. [*Heads for hideout.*]

CANDIDO: Rosa!

LEONIDES (*voice-over*): Huwag, bumalik ka! Rosa, huwag!

Exasperated, Leonides responds to Rosa banging on the door.

LEONIDES: Rosa, huwag! Mapanganib ang ginagawa mo!... Bwisit na babaeng ito.

ROSA (*from outside*): Leonides, buksan mo'ng pinto! Leonides, Leonides, buksan mo'ng pinto, buksan mo'ng pinto, buksan mo – kung talagang ayaw mong sumuko't mapahamak na tayong dalawa! Buksan mo! Buksan mo ito!

LEONIDES (*opens door and lets her in*): Bakit ka pumarito? Naloloko ka na ba?

ROSA: Ikaw ang baliw! Nabubulagan ka! Hindi mo ba nalalaman na makapangyarihan sa iyo ang batas? Sa ginagawa mong 'yan e tiyak na mapapahamak ka! Mabuti pa'y sumuko ka na.

LEONIDES: Sumuko? Upang pagkatapos, ihawin sa silya-elektrika? Hindi pa loko si Leonides!

ROSA: Hindi nga e. Dapat mong malaman na ang batas ay makatarungan. Kung wala kang kasalanan ay hindi ka parurusahan.

LEONIDES: Gaga! May kasalanan nga e. Kung wala e bakit ako magtatago?

Outside, the officers are losing patience.

POLICE OFFICER: Leonides! Lagpas na ang iyong tanin. Kung hindi ka susuko ay lulusubin ka namin!

Leonides is determined to hold his ground.

LEONIDES: Subukan ninyo!

ROSA: Huwag! Leonides! Leonides! [*Leonides pushes her away, Rosa hits the wall and faints.*]

The officer gives his staff instructions.

POLICE OFFICER: Fire overhead, right window, fire! [*Gunfire.*]

Leonides is hit in the face and dies as Rosa regains consciousness.

ROSA (*screams*): Leonides ... Leonides.... [*Cries.*]

Seq 37. *Rail tracks, ext., day. Train passes by, sounding its horn.*

Seq 38. *Restaurant, int., day. Tony has finished asking Vedasto to get Rosa to work for him.*

TONY: O siya, di yari na'ng usapan natin ha? Huwag mong kalimutan. Bukas isama mo'ng kapatid mo sa opisina.

VEDASTO: Areglado. Sasabihin ko sa kanyang siya'y magiging special secretary mo.

TONY: Ah ... siyanga pala. Kung sakali namang magustuhan ko ang kapatid mo at, ah, ligawan ko, puwede ba tayong mag-bayaw?

VEDASTO: E nasa kanya. Kung magustuhan ka niya ay okey sa akin. Lalo

nga sanang mabuti. Alam mo kung ako'ng tatanungin mo e ayaw ko rito kay Candido.

TONY: O bakit naman?

VEDASTO: Mahirap siya at kung ako na'ng tatanungin mo 'di giginhawa sa kanya si Rosa.

TONY: 'Yan ang totoo. Kapag si Rosa'y napangasawa ko, tiyak na giginhawa siya. At, ah, sitting pretty ka bayaw.

VEDASTO: Pero ito'ng tandaan mo: huwag kang magkakamaling paglaruan ang kapatid ko. Pag nagkataon e kalimutan mong tayo'y magkaibigan. Ako'ng magiging una mong kalaban.

TONY: Huwag kang mag-alala. Hindi mangyayari 'yon. Sige magkita tayo bukas ha? Kumain ka.

Seq 39. *Prosa's house, ext., day. Avelino takes down dried laundry from clothesline when he sees Vedasto arriving.*

AVELINO (*calls to people in the house*): Rosa, Candido. Tingnan niyo kung sino'ng dumarating.

ROSA (*comes out and addresses Vedasto*): Saan mo kinuha 'yan?

VEDASTO (*arriving, with squawking chicken in hand*): O e di binili ko. Nagtatrabaho ako sa aking kaibigan at nang ako'y sumahod e ikaw agad ang naalala ko. [*To Candido.*] O kuya. Sandali lang ha? [*Takes chicken into house and comes out again.*] May magandang balita ako sa 'yo.

ROSA: Ano 'yon?

VEDASTO: Magmula ngayon ay hindi ka na magtatrabaho. Kukuha tayo ng katulong at hindi na tayo magtitiis sa konting tinapa. Ikaw Avelino, pwede mo nang estihin nang totohanan si Linda.

AVELINO: Siyanga ba?

VEDASTO: Oo.

ROSA: Aba'y hindi kita maintindihan. Papano nangyari 'yon? Tumama ka ba sa sweepstakes?

VEDASTO: Hindi, naipasok kita sa trabaho.

ROSA: Ako?

VEDASTO: Oo, at bukas mag-uumpisa ka na.

ROSA: Anong klaseng trabaho?

VEDASTO: Mabuti't malaki'ng sweldo.

ROSA: Saan?

VEDASTO: Sa opisina ng kaibigan ko.

ROSA: O, e papano ako makakapasok sa trabaho e hindi man lamang ako tapos ng pag-aaral?

VEDASTO: Pwede. Tagasagot ka lang ng telepono. Special secretary ka.

AVELINO: Vedasto, bakit hindi mo pa ako ipinasok?

VEDASTO: Papano yung pag-aaral mo? Kailangan makatapos ka para masunod naman ang pangarap ni Rosa. Saka isa pa, makakaalis na tayo sa lugar na ito. Madali na nating maiipon ang pinapangarap niyang bahay at lupa, may pambayad. Ano, payag ka ba? Aba sayang na pagkakataon ito para kumita ka ng pera.

ROSA: Hindi naman sa ayaw ko, kaya lamang iniisip ko pa e.

VEDASTO: Sige mag-isip ka, ha? Hoy Candido, huwag kang aalis, good chow kami ngayon, dito ka mananghalian, ha? Pare ito yung treat ko sa pagbabagong-buhay namin ni Rosa. Halika naman, tulungan mo 'ko o. Patayin mo'ng manok, halika.

ROSA (*to Candido, out of Vedasto's earshot*): Hindi mo nagustuhan ang sinabi ni Vedasto, ano?

CANDIDO: Bakit, wala akong sinasabi.

ROSA: Wala ka ngang sinasabi pero nahalata kong hindi mo nagustuhan.

CANDIDO: Ikaw ba gusto mo?

ROSA: Oo. Kaya ko lamang hindi siya sinagot ay gusto kong humingi ng pahintulot sa 'yo. Pag sa pagtanggap ko ng trabahong 'yan ay magiging simula ng aming pagbabagong-buhay, ay tatanggapin ko kahit anong hirap.

CANDIDO: E yun pala, e bakit tinatanong mo pa 'ko? Maski ba ayaw ko e, ano'ng diperensya no'n? Sundin mo kung ano'ng gusto mo, wala pa naman akong karapatang manghimasok sa 'yo. Gawin mo kahit ano'ng gusto mo.... Sabihin mo pala sa kanilang hindi na 'ko dito kakain, aalis na ako.

ROSA: Candido? Bakit ka tumututol? Masama ba sa isang babae'ng maghanapbuhay? Marami akong kaibigan a, pumapasok sa opisina.

CANDIDO: Marami nga.

ROSA: Bakit, wala ka bang tiwala sa akin? Sa akala mo ba'y gagawa ako ng anumang bagay na makakasira sa ating pagmamahalan? Akala ko ba mahal mo ako? Gusto mo pa yata akong magkandakuba diyan sa paglalaba kesa pumasok ako sa isang hanapbuhay na magaan at malaki pa ang sahod.

CANDIDO: Hindi kita gustong mahirapan. Ang gusto ko'y magpakasal na tayo't pabayaan mong ako na'ng maghanapbuhay para sa 'yo. Ang pagtutol ko hindi para sa akin kundi para sa 'yo rin. Ikaw ay isang babaeng hindi sanay makihalubilo kahit na kanino. Pantahanan ka, ni hindi ka, ni hindi mo man lang nalalaman kung anong panganib ang susuungin mo. Dalaga ka a.

ROSA: Ano'ng palagay mo sa 'kin, isang mangmang, inosente, gaga? Ang sino mang babae na ayaw magpahamak ay marunong mag-alaga sa kanyang sarili.

CANDIDO: Hmp, 'yan ang akala mo, iba'ng nalalaman ko.

ROSA: Di pa man ay naninibugho ka na't nagpapatang pa.

CANDIDO: Ang hirap mo namang umintindi e. Kung ayaw mo mang makinig sa akin e wala na 'kong magagawa, sundin mo kung ano'ng gusto mo. Siyanga pala, ni hindi mo man lang naitatanong diyan sa kapatid mo kung sino'ng pagtatrabahuan mo at kung anong uri ng tao'ng paglilingkuran mo.

ROSA: Sa akala mo ba'y ipapahamak ako ni Vedasto? Wala ka bang tiwala sa kapatid ko?

CANDIDO: Sandali lang. Maikli lang itong sasabihin ko sa 'yo. Marahil ay natatandaan mo pa na madalas mong sabihin sa akin na kung sakaling ako'y hindi na makatagal ng paghihintay sa 'yo ay binibigyan mo ako ng layang humanap ng ibang babae? Ito naman ang sasabihin ko sa 'yo: kung saka-sakali naman diyan na sa pagtatrabaho mo sa opisinang 'yan ay makatagpo ka ng isang lalaking higit sa akin ay sinasabi ko naman sa iyong ituring mong malaya ang iyong sarili.

Seq 40. *Jeepney stop, ext., day. Avelino, Vedasto, and Rosa await public transportation.*

AVELINO: Vedasto, magkano kayang sahod ang ibibigay ng kaibigan mo kay Rosa?

VEDASTO: Tiyak na hindi maaagrabyado 'yan.

ROSA: Kahit ba magkano e, basta makakatulong sa atin....

Linda's car passes, them, stops, and honks.

LINDA: Avelino!

ROSA: Sino 'yan ha?

AVELINO: Si Linda.

ROSA: Ganda, a.

AVELINO: Ah, kaklase ko.

VEDASTO: Walandyo, ganda ano? Meron palang tinatago itong si Javelin ha?

LINDA: Halina't sumabay ka na sa akin. Tanghali na, baka mahuli ka.

AVELINO: Baka ako'ng makasikip diyan.

LINDA: Ako lang namang mag-isa sa kotse e.

AVELINO: A siya si Rosa, ang sinasabi kong kapatid ko.

LINDA: A siya ba si Rosa? Naku, maganda ano, at mukhang mabait.

AVELINO: Rosa, e sinasabay na ako ni Linda.

VEDASTO: O sige, sumama ka na, loko pa ito.

AVELINO: Good luck na lang, kahit maniwari'y matanggap ka.

ROSA: Bahala na si Vedasto.

AVELINO: O sige na kayo, baka naiinip na yung magandang bata mo a.

ROSA: Vedasto.

AVELINO: O baka naiinip na yung magandang binibini.

LINDA: Tayo na....

ROSA: O ayan na'ng dyip o, sumakay na tayo.

AVELINO: Anong dyip? Bochog ako, taksi. [*Train horn.*]

Seq 41. *Tony's office, int., day. Vedasto arrives, bringing Rosa. Tony dismisses his secretary.*

TONY: Ay ikaw pala Vedasto, tuloy.

SECRETARY: E pano yung pinapagawa niyo?

TONY: Mamaya na.

VEDASTO: Siya si Rosa, ang kapatid kong nirerekomenda ko sa 'yo.

TONY: Ah siya ba?

VEDASTO: Ito naman si Mister Antonio Carranza, ang magiging boss mo.

TONY: Ah maupo ka.

VEDASTO: O maaari na ba siya? Maaari ba siya?

TONY: Puwede, puwede.

VEDASTO: Salamat, boss. E, kelan ho ba siya mag-uumpisa?

TONY: Aba, kung siya ang gusto ng ngayon e, sige.

VEDASTO: Pwede pala ngayon e.

ROSA: E ano naman ho ang magiging trabaho ko dito?

VEDASTO: 'Ba sabi ko sa 'yo special secretary ka, 'di ba Tony?

TONY: Oo nga, special secretary. Magaan lang na trabaho 'yon, kayang-kaya mo.

VEDASTO: O pa'no, di paalis na ako ha?

ROSA: Iiwan mo na ba ako dito?

VEDASTO: Aba, e kasi naman. E ang lagay ba naman e magbabantay pa 'ko sa 'yo dito? Iba namang special secretary ka, oo. O ikaw na'ng bahala sa kanya?

TONY: Oo, ako na'ng bahala sa kanya.... Mahilig ka bang magbasa?

ROSA: Opo.

TONY: Halika ha.... Heto'ng mesa mo, ha? Maupo ka riyan at magbasa ka muna.

Tony looks out at corridor, goes to his desk, pours himself a drink.

Seq 42. *Prosa's living room, int., night. Rosa just arrived home and encounters Avelino and Vedasto.*

AVELINO: O Rosa, nandiyan ka na pala. O ano, kamusta'ng trabaho mo?

ROSA: Mabuti pero mahirap din e.

AVELINO: Ano'ng mahirap?

ROSA: E papano wala akong ginawa kundi magbasa ng komiks at magasin.

AVELINO: E ano'ng hirap noon, magbabasa ka lang ng magasin?

ROSA: E bakit niya ako suswelduhan, wala akong gagawin?

VEDASTO: Loka pala ito, ayaw ka ba noon, kikita ka ng di ka nahihirapan? Saka malay mo, baka pinagbibigyan ka lang ni Tony? Kaibigan ko 'yon, hindi ka pababayaan noon.

ROSA: Ewan ko nga ba, kung hindi nga lamang ba sa kagustuhan kong mahango tayo sa kahirapan e, hindi na ako papasok. Me suspetsa ako sa Tony'ng 'yan e.

VEDASTO: Maanong huwag kang gaga. Ano'ng palagay mo sa 'kin, 'di marunong pumili'ng kaibigan?

PROSA (*comes out from her room*): Aba Rosa.

ROSA: Mano po Inay.

PROSA: Nagkape ka na ba anak?

ROSA: Hindi pa ho.

AVELINO: A e, ipag-iinit kita.

ROSA: Ako na, ako na.

AVELINO: Ako na, umupo ka riyan, galing ka sa trabaho e.

ROSA: Avelino, hindi ba napapasyal dito si Candido?

AVELINO: Hindi pa, e. Mukhang nagkaalitan yata kayo a.

ROSA: Oo e, nagkagalit kasi kami. Kasi ayaw niya ako papasukin e. Hoy, 'pag napasyal siya dito, sabihin mo namatay na ako.

AVELINO: Naku tama na nga 'yang tampuhan niyo.

ROSA: 'Bayaan mo nga siya. Kung galit siya, galit din ako.

Seq 43. *Suburban lot, ext., day. Rosa brings Avelino, Vedasto, and Prosa to the property that Candido had showed her earlier.*

AVELINO: Ganda ng lugar na ito, 'no?

VEDASTO: Oo, at tahimik pa.

ROSA: Talaga.... Inay, nagugustuhan ba ninyo?

PROSA: Oo, tahimik at maganda. Makapagtatanim pa tayo ng mga gulay. Sa aanihin natin ay makukuha na ang pagkain sa araw-araw.

AVELINO: Rosa, lahat tayo sang-ayon sa lugar na ito. Walang hindi nasisiyahan. Kelan mo ba mababayaran ang lupang ito?

PROSA: Oo nga. E bakit hindi pa kayo magpakasal ni Candido? Para magkatulungan kayo sa pagbabayad.

ROSA: Ngayon pang nagtatampo siya sa akin?

VEDASTO: Hindi problema 'yang pagbabayad.

ROSA: Bakit hindi?

VEDASTO: Magpakabuti ka lang kay Mister Carranza, kahit sa bukas na bukas ay mababayaran mo itong lupang ito.

ROSA: Hindi kita maunawaan a.

AVELINO: Ano'ng ibig mong sabihin?

VEDASTO: Aba e, ang ibig kong sabihin, ay magpakabuti siya, magpasikat siya, at ah, nang mapaglingkuran niyang mabuti ang kanyang amo. Sa ganoon, ay mapalaki ng higit ang sweldo noon.

ROSA: E siyempre naman, magpapakabuti ako. Sa lagay naman e aawayin ko pa ang aking amo? Tayo na. Inay, tayo na.

Seq 44a. *Tony's office, int., night. Closing time, only Tony and Rosa are left at work.*

TONY (*on phone*): Talaga? Totoo? Siyempre ikaw.

ROSA (*leaving*): Hanggang bukas na lamang ho, Mister Carranza.

TONY (*puts down receiver*): Ah Rosa, sandali lang. Huwag ka munang uuwi, ha? Mag-overtime tayo. Meron lang akong mahalagang bagay na tatapusin e. Hindi naman tayo gagabihin.

ROSA: Kung kailangan po.

TONY: Kailangan.

Seq 44b. *Street, ext., night. As Candido bids a friend farewell, he bumps into Avelino.*

CANDIDO (*to his friend*): Sige ha.

AVELINO: Candido.

CANDIDO: Avelino.

AVELINO: Hindi ka na napapasyal sa bahay.

CANDIDO: Marami akong trabaho ngayon e. Ano, si Rosa?

AVELINO: Mabuti naman. Kanya lang hindi pa dumarating e.

CANDIDO: Itong oras na ito?

AVELINO: Oo e.

CANDIDO: Bakit hindi mo sunduin?

AVELINO: Gusto ko nga, kaso walang kasama'ng Inay e.

CANDIDO: Ibigay mo na sa 'kin, ako na'ng magsusundo, ibigay mo na sa 'kin ang address.

AVELINO: O sige.

Seq 47c. *Variety store outside Tony's office, ext., night. Vedasto encounters one of his homeboys while buying a cigarette.*

VEDASTO: Sigarilyo nga.

HOMEBOY: Oy partner, kumusta ba?

VEDASTO: Nandito ka pala. Heto, buhay alamang, paglukso'y patay.

HOMEBOY: Pare isang beer. Sa 'kin 'yan ha.

VEDASTO: O, iniinuman mo na ito 'no?

HOMEBOY: Bihira naman tayo magkita e.

VEDASTO: Dalawa nga. Sa 'kin naman 'yan ha?

HOMEBOY: Okey.

Intercut:

At the office, a distracted Tony gives Rosa a meaningless task.

TONY: O siya, ayusin mo na yung maling sinabi ko, ha?

ROSA: Aba'y wala naman hong mali rito a.

TONY: Ah wala ba? O siya, di na bale.

ROSA: Makakaalis na ho ba ako?

TONY: Teka muna Rosa't kakain pa tayo e.

ROSA: 'Ba kumain na ho tayo, Mister Carranza a.

TONY: Si Rosa, oo. Bakit ba Mister Carranza'ng tawag mo sa 'kin? 'Di ba sabi ko sa 'yo, Tony na lang ang itatawag mo? [*Caresses her arm.*]

ROSA: Mahirap na ho 'yon e.

At the variety store outside Tony's office.

HOMEBOY: Mukhang paldo tayo ngayon a.

VEDASTO: Hindi naman. Inom tayo.

At the office, Tony has finally tried to take advantage of Rosa.

ROSA (*struggling with Tony*): Bitiwan mo ako!

At the variety store outside Tony's office, Candido has found Tony's office address but on the way there, Vedasto sees him.

VEDASTO (*to storeowner*): Padre, sukli ko nga o. [*Follows Candido.*]

At the office, Rosa continues struggling against Tony.

ROSA: Bitiwan mo ako, walanghiya! Bitiwan mo 'ko! [*Faints.*]

Tony carries Rosa to sofa, Candido arrives, they fistfight, a glass window breaks when they slam against it.

At the variety store outside Tony's office, Vedasto takes leave of his homeboy to follow Candido.

VEDASTO: May pupuntahan ako.

HOMEBOY: Sandali lang.

VEDASTO: Sinasabi sa 'yong me pupuntahan ako e.

HOMEBOY: O e nag-iinoman pa e.

VEDASTO: Teka muna nga.

At the office, Tony and Candido's fistfight has spilled over into corridor. Momentarily overpowering Tony, Candido returns to the office, goes to Rosa.

ROSA (*awakening*): Candido!

Tony returns, picks up chair.

CANDIDO (*to Rosa*): Upo ka diyan. [*Knocks Tony out.*]

VEDASTO (*arriving*): Candido!

ROSA: Vedasto!

VEDASTO: Bakit ka nakikialam sa buhay ng may buhay?

CANDIDO: Vedasto, hindi ka na nahiya sa sarili mo, pati na itong kapatid mo'y ikinakalakal mo pa?

ROSA: Candido!

Candido and Vedasto exchange blows, Candido defeats him and takes Rosa away.

VEDASTO: Rosa! Huwag kang sasama sa hayop na 'yan! Rosa! Rosa' hindi ka na makakauwi sa bahay! Sinusumpa kita, Rosa! [*Rosa refuses to listen.*]

Seq 48. *Prosa's living room, int., next day. Prosa sits by window. Avelino takes leave.*

AVELINO: Inay, papasok na ho ako sa eskwela.

PROSA: Si Rosa?

AVELINO: E wala pa nga ho e.

PROSA: Susmaryosep. Saan naman kaya nagpunta ang anak kong 'yon?

Seq 48b. *Prosa's house, ext., day. Avelino, going out, meets Vedasto.*

AVELINO: Si Rosa nasaan?

VEDASTO: Aba malay ko. Itanong mo sa hayop na Candidong 'yon. Siyanga pala, papano nalaman ni Candido ang opisina ni Tony? Siguro ikaw ang nagsabi ano?

AVELINO: Ano ba'ng ginawa ni Candido't galit na galit ka?

VEDASTO: Huh. Tinanan lang ang mahal mong kapatid.

AVELINO: Si Rosa?

VEDASTO: Sino pa!

Seq 48c. *Rail tracks, ext., day. Avelino hurries by, passing by a man selling buche (rice cakes).*

AMBULANT BUCHE VENDOR: Buche! Buche!

Intercut:

In Prosa's living room, Prosa queries Vedasto, who has just arrived.

PROSA: Vedasto.

VEDASTO: Inay.

PROSA: Nariyan ka na.

VEDASTO: Oho.

PROSA: Si Rosa?

VEDASTO (*lying*): Wala ho, patay na!

At the street leading to Candido's house, Avelino, believing Vedasto's falsehood, hurries to confront Candido.

In Prosa's bedroom, believing her daughter has died, Prosa lights a candle for her and sticks it on altar.

At Candido's nearby middle-class house, Avelino arrives just as Candido's hailing a jeepney.

CANDIDO: Padre.

AVELINO: Candido, sandali lang!

CANDIDO (*to jeepney driver*): Sige na 'adre.

AVELINO: Sa'n mo dinala si Rosa ha?

CANDIDO: Hoy, teka, huminahon ka! Bakit, wala akong ginagawang masama sa kapatid mo a. Heto nga sinusundo ko siya kina Neneng, kung gusto mo sumama ka.

AVELINO: Bakit sabi ni Vedasto e –

CANDIDO: Vedasto – naniniwala ka roon sa kapatid mo. Magsasabi ba 'yon ng makakasama sa kanya? Halika kung gusto mo, bayaan mong si Rosa'ng magpaliwanag sa 'yo. Halika.

In Prosa's bedroom, the candle has fallen. Vedasto enters and blows it out.

VEDASTO: Bakit nagsisindi pa kayo ng kandila?

PROSA: E pinagdadasal ko ang kaluluwa ni Rosa.

Vedasto leaves, Prosa relights and resticks the candle, prays.

At Nena's house, Candido and Avelino arrive to fetch Rosa. They are met by Nena's mother.

CANDIDO: Nena? Nena? Tao po.

NENA'S MOTHER: Aba, Candido.

CANDIDO: Si Nena ho?

NENA'S MOTHER: Kaalis lang a. Hindi mo ba nasalubong?

CANDIDO: Hindi ho e. Maraming salamat po.

NEIGHBOR: Ayun si Nena a, nasa tindahan.

CANDIDO: Nena!

NENA (*arriving from variety store*): Aba, Candido. Avelino.

CANDIDO: Si Rosa?

NENA: Aba'y kanina pang umuwi a. Pinipigil ko nga't sabi ko ihahatid ko siya mamaya e nagmamadali raw siya dahil sa Nanay nila.

CANDIDO: Umuwi na pala e, baka nagkasalisi lang kayo.

AVELINO: Baka nga. Salamat Nena, ha? Pati ikaw naabala.

NENA: Hindi naman.

AVELINO: Tena na.

CANDIDO (*to Nena*): Sige 'Na ha?

From inside Prosa's house, Vedasto sees Rosa arriving. Men playing basketball stop and stare at her. Vedasto throws out her clothes, confronts her outside.

VEDASTO: 'Di ba sabi ko sa 'yo hindi ka makakauwi dito? Hindi ka makakapanhik? Sulong, lumayas ka! Hindi ka na makakabalik dito! Ayan na'ng mga damit mo. Hayop na ito a. Me reklamo ka? Hindi ko gusto makita'ng mukha mo.

ROSA: Utang na loob, huwag kang masyadong maingay. Umagang-umaga e, kahiya-hiya sa mga kapitbahay.

VEDASTO: Mabuti na ngang marinig nila. Pinahiya mo ko't kumampi ka pa sa hayop na Candidong 'yon.

ROSA: Diyatat nakapagsasalita ka pa ng ganyan, gayong nalalaman mong wala akong kasalanan. Ikaw nga ang dapat mahiya diyan sa ginawa mo.

VEDASTO: Ano ba ang tawag mo sa ginawa mong pagsama kay Candido? Saan ka niya sinama kagabi?

ROSA: Vedasto. Mahiya ka sa mga pinagsasasabi mo.

VEDASTO: Ikaw ang dapat mahiya. Alam ng lahat na hindi ka natulog dito kagabi. Sino'ng maniniwalang ika'y malinis? Mga kapitbahay! Mga kapitbahay! Dumating na'ng kapatid kong nagmamalinis. Masdan niyo siya! Matapos siyang magparaan ng gabi kung saan, na hindi ko malaman kung sino'ng kapiling, ay may lakas pa siya ng loob na pumarito at magsabing siya'y walang kasalanan! [*Crying from shame, Rosa tries to enter house, but Vedasto blocks her.*] Hindi ka makakapanhik dito, matapos mong dungisan ang ating pangalan! Lumayas ka! Lumayas ka!

Rosa runs away.

Rosa reaches the railway bridge and runs on it.

At a street corner, a female neighbor sees Avelino.

FEMALE NEIGHBOR: Avelino! Si Rosa ba'ng hinahanap mo?

AVELINO: Oho.

FEMALE NEIGHBOR: Nandoon. Sa tulay ng tren.

Rosa's about to jump from bridge as Candido and Avelino arrive.

CANDIDO: Rosa! Rosa!

AVELINO: Rosa bakit ka ba nagkakaganyan?

ROSA: Yaman din lamang wala akong pag-asa sa buhay, gusto ko nang mamatay.

CANDIDO: Bakit ka mawawalan ng pag-asa?

ROSA: Wala na akong mukhang ihaharap sa ating mga kapitbahay. Minura ako't inalipusta ni Vedasto sa harap ng maraming tao dahil sa hindi ko natupad ang kanyang maitim na balak na ako'y ipagbili kay Tony.

AVELINO: Nagawa ni Vedasto 'yon?

ROSA: Oo. Salamat na lang at dumating si Candido.

Angered by Rosa's account, Avelino leaves them.

At the variety store near the rail tracks, Avelino finds Vedasto.

AVELINO: Vedasto!

VEDASTO: O bakit sumasagsag ka?

AVELINO: Bakit mo ipinagkalulong si Rosa?

VEDASTO: Ano'ng 'pinagkalulong?

AVELINO: 'Di ba kay Tony? Sabi mo sekretarya'ng trabaho niya pagkatapos ipinapain mo lang siya.

VEDASTO: Anong 'pinapain? Ang kasunduan namin ay pakakasalan siya. Sa akala ko'y 'yan ay makakabuti sa atin sapagkat mayaman si Tony.

AVELINO: Talagang mukha kang kwarta. [*They start fistfighting.*]

In her bedroom, Prosa's too heartbroken to notice that her candle has fallen once more on the bamboo floor.

Returning to Prosa's house, Rosa and Candido ask a neighbor of the whereabouts of Rosa's brothers.

ROSA: Saan?

NEIGHBOR: Sa may tindahan.

Meanwhile, the floor of Prosa's bedroom has caught fire.

At the variety store near the rail tracks, the storekeeper is closing her stall when a neighbor apprises her of Avelino and Vedasto's quarrel.

NEIGHBOR: May bakbakan.

The fire has grown in Prosa's bedroom, but she has fainted and doesn't notice.

At the variety store near the rail tracks, Avelino is overpowering Vedasto as Rosa and Candido arrive.

ROSA: Avelino! Tama na! Tama na, maawa ka naman! Tama na.

AVELINO (*to Candido*): Wala kang kwentang kapatid!

NEIGHBOR (*offscreen*): Sunog! Sunog!

ROSA: Ang Nanay! Si Nanay! Tulungan niyo si Nanay! Inay!

People in the slum community perform bayanihan, or communal cooperation, in passing along pails of water to douse flames. Prosa, trapped inside, has to be rescued by Candido.

At the rail tracks, Prosa, Rosa, Candido and Avelino look at their still-burning hovel.

ROSA: Paano Nanay, wala na tayong bahay.

PROSA (*addressing heavenly power*): Sa pagkawala ng aming tahanan ay ipagkaloob Mo po sa sa aming paglayo ang katahimikang ipinagkait sa amin sa pook na ito.

CANDIDO: Inay, Rosa, yung tahimik na pook na pinapangarap natin: yun ang naghihintay sa atin.

As they turn to walk away, they see Vedasto.

PROSA: Si Vedasto.

CANDIDO: Vedasto, walang kasalanang hindi nahuhugasan ng pagsisisi, kung taos sa puso. Tayo na.

PROSA: Mga anak!

VEDASTO: Rosa, patawarin niyo ako. Bigyan niyo ako ng pagkakataon, magbabagong-buhay na ako.

ROSA: Vedasto.

The surviving family members, with Candido, walk down the rail tracks.

TITLE CARD [*superimposed*]: Wakas

CAST LIST *follows on a still of the suburban lot.*